Tila ako nagbalik sa pagkabata habang ginagalugad ang loob. Nakita ko ang kanilang espesyal na exhibit ng mga saranggolang papel mula sa Kabul, Afghanistan na nilikha ng mga bata mula sa Murad Khani, ang lumang bahagi ng lungsod. Tradisyon sa nasabing bansa ang pagpapalipad ng makukulay na saranggola bilang salubong sa tagsibol. Naalala ko ang aking pagkabata na nauuso ang saranggola at boka-boka kapag nalalapit na ang tag-araw. Naalala ko ang minsang napabili ako ng saranggola yari sa plastik na sinamahan ako ng aking ama na magpalipad nito.

Sa paglilibot, nakita ko ang mga laruang hindi ko naging laruan. Ito ang mga laruang pinangarap kong maangkin ngunit hindi naibigay sa akin ng aking magulang o ng aking ninong (wala akong ninang). Masuwerte ang mga pamangkin at inaanak ko at mga anak ng aking kaibigan na halos isang bundok ang mga laruan sa pagdating ng kanilang kaarawan o Pasko. Dito ko nakita ang mga laruang tren, ang iba't ibang uri ng manyika at teddy bear, kabayong kahoy, mga papet mula sa Indonesia, laruang makinang pantahi, at ang pambatang upuan (*animeubles*) na hitsurang pusa na likha ng Pranses na si Gerard Rigot. Kilala si Rigot sa paglikha ng mga muwebles na may mga anyong hayop noong dekada otsenta sa France. Nais niyang sa kaniyang mga likha, “makakapangarap ang sinuman, makakapaghiraya, at madala sa saanmang dako.”

May espesyal ding exhibit ang museo sa isang bahagi ng ikalawang palapag. Pinamagatan itong *On Their Own*, ang kauna-unahang pangunahing exhibition sa Britain na nagsasalaysay sa kuwento ng mga batang migrante at kung paano ito nakaapekto sa kanilang buhay. Malungkot na bahagi ito ng kanilang kasaysayan. Gayong maunlad na bansa ang United Kingdom, may mga pamilyang mahihirap sa bansang ito at mga batang napapabayaan, naulila, o naaabandona. Mula 1869 hanggang 1970, mahigit 100,000 batang

British ang ipinadala sa Canada, Australia, at iba pang Commonwealth na bansa. Ipinaampon sila sa mga may-kayang pamilya upang doon mapangalagaan at mabigyan ng bagong pag-asa sa buhay. Hindi lahat ng mga batang ito ay nakaranas ng mabuting buhay sa kanilang pagtanda. Ilan sa pumukaw ng aking atensiyon ang itim na manyikang pagmamay-ari ni Helen Tachell. Ito ang kaniyang tanging dalang bagay nang ipinadala siya sa Kanlurang Australia noong 1839. Gayundin ang larawan ng batang si Stewart Lee kasama ang kaniyang ina. Ibinigay ito sa kaniya ng ina nang ipinadala siya sa New South Wales noong 1955 at apat na taong gulang pa lamang siya. Napakabigat ng kuwentong taglay ng mga artifact na ito.

Sa permanent exhibit naman, limang artifact ang pinakatumatak sa aking alaala at nais kong ibahagi. Una ay ang paddle doll o manyikang palupalo. Mula ito sa mga Ehipto at nagawa noong 1300 BK na yari sa kahoy. Ito ang pinakamatandang bagay sa koleksiyon ng museo. Ang mga manyika sa Egypt ay hindi talaga laruan o gamit pambata kundi sumisimbolo ng fertilidad at inililibing kasama ng bangkay upang “masiguro ang muling pagkabuhay sa kabilang-buhay.”

Ikalawa ay ang mutton bone doll (1890-1920). Ang mutton ay isang katawagan sa tupa. Binili ni Edward Lovett ang laruang ito mula sa isang bata mula sa Bethnal Green, ang dating hikahos na bahagi ng London. Kayhirap hanapin ng laruang ito sa museo. Inabot ako ng kalahating oras sa paghahanap nito at maging ang mga staff ng museo ay hindi batid kung saan ito eksaktong matatagpuan. Nasa ilalim kasi ito ng salaming estante at napakaliit kasi yari lang sa maliit na buto ng hayop. Ginuhitan ng mata, kilay, at bibig ang buto. Nilagyan ng itim na tela bilang buhok at binalutan ng retaso bilang damit. Ipinapakita nito na hindi hadlang ang kahirapan upang makalikha ang bata ng kanilang mga laruan. At ang mga bata sa London ay gumagawa ng mga laruan mula sa bagay na nakakalat sa kanilang paligid.

Kaugnay nito ang mga laruan mula sa South Africa, Sudan at Madagascar (1980-2000) na trak, kotse, at helicopter na yari sa lumang lata at alambre.

Naalala ko ang aming pagkabata noon. Hindi kami mayaman at hindi nag-uumapaw ng mga laruan ang aming tahanan. Kaming magpipinsan ay masaya na sa lumang latang kahon ng biskwit. Hindi pa uso noon ang family computer at video games. Dito namin itinatago ang

aming mga “kayamanan”—mga kakaibang butones at binhi, mga sigay, mga makukulay na balat ng tsokolate at kendi, pamburang amoy tsokolate, mga lumang larawan buhat sa magazine, at mga tiket ng bus. Gaya ng mga bata sa Bethnal Green, gumawa rin ako ng manyika yari sa patpat at ang buhok ay mga dahon ng ipil-ipil. Muntik na akong habulin ng kapitbahay nang makita niyang pinipitas ko ang tanim nilang ipil-ipil na nagsisilbing kanilang bakuran. Naalala ko rin ang mga laruang telepono namin na yari sa lumang lata ng gatas. Maging ang ginawang laruang telebisyon sa akin ng aking ama na yari sa kahong kahoy na may nakarolyong pinagdikit-dikit na papel at ginuhitan upang makapagkuwento.

Ikatlo ay ang laruang Noah’s Ark (1825) mula sa Germany na yari na kahoy. Talagang napatitig ako sa mga laruang daong ni Noe na ligid ng maliliit na hayop na nais mailigtas sa paparating na baha. Napag-alaman ko na ang laruang ito ang tanging katanggap-tanggap na laruan ng mga bata sa Europa kapag Linggo. Kasangkapan ito sa pagtuturo ng kuwento buhat sa Lumang Tipan at sa pagtuturo ng iba’t ibang hayop na hindi kilala ng mga batang Europeo gaya ng mga leon at elepante.

Ikaapat, katabi ng ikonikong laruang Rubik’s Cube na nilikha ng Hungariang si Erno Rubik noong 1977, halos napalundag ako nang makita ang laruang sungka na may mga sigay mula sa Pilipinas. Sabi sa paliwanag ng museo, “the wooden playing board is from the Philippines.” Kulang sa paliwanag na ang sungka ay laganap na laruan sa Timog Silangang Asya at ang sungkang nakadispley ay maaari pang palitan ng mas mainam na uri ng sungka na makikita mula sa Mindanao.

Huling laruang umagaw-pansin sa akin ay ang koleksiyon ng manyikang Barbie ng Mattel noong 1962. Una itong nailunsad noong 1959 sa New York Toy Fair. Hudyat ng panahon ang pagkakalikha sa mga Barbie dahil sa pagusbong ng konsepto ng teenager sa Amerika. Ito rin ang pinakakontrobersiyal na manyika sa daigdig dahil sa pagpapalaganap ng di-realistikong anyo ng kababaihan para sa mga batang babae. Magandang balita naman ayon sa artikulong “Barbie’s Got a New Body” (*Time Magazine*, Feb. 28, 2016) na sa huling bahagi ng 2016, pagkaraan ng 57 taon, maglalabas na ang Mattel ng mga bagong anyo ng kanilang manyika—may iba’t ibang hugis ng katawan, iba’t ibang kulay ng balat at buhok, at maliit (petite). Ito ay upang maipakita ang iba’t ibang anyo ng kababaihan sa ika-21 siglo hindi lang sa US kundi sa mundo.

Umalis ako ng museong nagagalak ang bata sa aking sarili. Sumakay ako ng tren papauwi sa aming hotel sa may Russell Square na nangangarap at nag-iisip, “Kung magkakaroon sa Pilipinas ng sariling museo ng pagkabata, ano-ano kaya ang lalamanin nito?”

* * *

“Kabayan!” sigaw niyang parang nanalo sa bingo. Nagkita kami sa isang Chinese fastfood sa pinakaplaza ng Nice. Ipinagpatuloy namin ang huntahan, tila nagkitang magkaibigan, sa Massena habang nagsasanib ang Dagat Mediterranean at ang anghit ng mga Pranses sa pagtatapos ng kanilang tag-araw. Itinuro niya sa akin kung saan ang talipapa, murang grocery, at rotisserie na parang Andok’s.

“Saan ba ang raket mo?” tanong niya.

“Nag-aaral ako rito. Scholar ng Erasmus Mundus.”

“Nag-aaral ka dito? Di ka nga marunong mag-French.” Ipinagmalaki niyang fluent na siya sa loob ng isang dekadang paglilinis ng mga yate sa Cannes. Alam kong baliko ang Pranses niya at malakas ang puntong Ilokano.

“Magsimba ka sa Sainte-Reparate. Maraming Pinoy doon. Hahanapan ka nila ng raket.”

Isang Linggo, sa tulong ng mapa, nahanap ko rin ang lumang simbahan. Hindi naman raket ang hanap ko. Gusto ko lang magtanong kung saan makabibili ng toyo, suka, laurel, at bigas sa Cote d’Azur. Gusto kong mag-adobo at magsaing. Sawa na ako sa matigas nilang tinapay.

“Psst!” bati sa akin ng nasa likod na manang na day-off na day-off ang suot pero naka-Prada. Matalim ang titig niya sa aking pekeng LV na nabili ko sa bangketa sa Ventimiglia.

Lumapit ako kay manang habang nagsisimula ang misa.

“Ikaw ang kilala ni Marlon, ‘no?’”

Nag-atubili akong ngumiti.

“Marami akong raket sa iyo.”

“Tutor po ba?” pagtataka ko. “Puwede din ako sa clerical jobs.”

“Raket nga e. Maglilinis. Ang daming mansiyong lilinisin sa Monaco. Para naman may maipadala ka sa inyo.”

Napatitig ako sa retablo.

“Ano, kelan ka magsisimula? Akin na ang number mo,” pangungulit niya.

Binati ng pari ang mga dumalo sa misa. Napalinga ako sa mga antigong santo at nagtaka kung naintindihan pa nila ang panalangin kong Tagalog.

* * *

“Bumalik ka dito bukas,” nakangiti niyang sabi, “ipaglaluto kita ng request mo.” Hindi ko batid kung ang ngiting iyon ay dahil sa iniwan kong tip o ang pagkakataong mailuluto ang kaniyang specialty na wala sa menu.

“Susubukan ko po,” sagot kong nagmamadali patungong Barceloneta. “Hapon pa naman ang flight ko bukas pauwi.”

Nakakailang linggo na ako sa España. Natunton ko ang mga lugar na napuntahan ni Rizal. Gamit kong giya ang mga liham niya sa mga kaibigan na nagdedetalye ng paglalakbay sa lupain ng mananakop. Naglakad-lakad ako sa parke na kaniyang tinulaan na “Mi Retiro.” Hinanap ko ang Palacio de Cristal na nagsilbing hawla ng mga katutubong pinagpistahan ng mga Kastila.

Kanin at ulam na ang hinahanap-hanap ko nang dumating ako sa bayan ni Gaudi. Mas mahalaga ang sikmura kaysa arkitektura. Sa pagtatanong-tanong, natuklasan ko ang munting restawrang Pinoy, ilang hakbang mula sa makasaysayang café na tambayan ng mga patnugot ng *La Solidaridad*.

Hila-hila ang aking namumutok na bagahe, nagbalik ako kay Aling Celia. Sa bungad pa lamang, amoy ko na ang bagong-lutong nilaga. Batid kong may mais ito at saba. Hindi tinipid sa paminta at repolyo. Bagong luto din ang sinaing. May patis sa mesa at mga hiwa ng lemon. “Mahirap makahanap ng kalamansi dito.” Tila humihingi siya ng paumanhin.

Hindi na ako nahiya pa. Nakatatlong extra rice ako. Nakatitig sa akin si Aling Celia at nagbirong unli-rice daw ang order ko. Binibilang yata niya kung ilan ang nguya sa bawat pagsubo ko.

Ayokong mag-eat and run kaya napaorder ako ng espresso bago magtungo sa airport. Para matunawan naman, kahit papaano. Pagkaraan ng

kalahating oras, ako’y nagpaalam na. Iiwan ko na sana ang natitirang euro bilang tip. Kababayan naman si Aling Celia. Pero tumanggi siya.

“Huwag na, minsan ka lang naman napadalaw,” nakangiti niyang sabi ngunit may mga guhit ng lungkot ang mukha. “Ipinagluto talaga kita. Paborito rin iyan ng panganay ko. Alam mo, pareho kayong maganang kumain.”

At agad niyang pinahid ang masaganang luhan agad lumapat sa kaniyang labi.

* * *

Pintura na ang dugong dumadaloy sa aking mga ugat. Ilang minuto na lang, tutulo na ang oleo mula sa aking ilong at tainga. Maghapon kong tinitigan ang mga obrang Renaissance sa Uffizi. Ang mga pintura ni Botticelli na sa textbook ko lang nakikita, kaharap ko na. Magsusuka na talaga ako kapag nakakita pa ako ng mga dibuho ng Annunciation at Resurrection.

Paglabas ng museo, sumilip sa akin ang tore ng Palazzo Vecchio. Kaunting hakbang pa, lalantad ang engrangeng Duomo na saksi sa pagusbong ng Firenze bilang Republika at ngayo’y destinasyon ng mga turista. Bukas ko na ito babalikan. Sarado na ang simbahan.

Nagpasya akong magkape sa kalapit na Astor Café. Hinding-hindi ako hihiling ng cappuccino dahil sabi ng mga Italiano, pang-agahang inumin ito. Habang pinalalamig ang aking latte, natanaw ko ang isang kababayang pauwi. Alam kong Pinoy siya sa ilog ng mga Puti at Koreano. Lumitaw siya sa isang masikip na eskinita ng kasaysayang hindi namin kilala. Ordinaryo ang suot, hindi panturista. Nasa pusod siya ng Firenze ngunit walang ningning, walang pagkamangha sa kaniyang mga mata. Matamlay ang katawan niyang hinaharana ng titik ng mga digital camera.

Sinikap kong hulihin ang mga mata niya. Mailap. May inililihim. May work permit kaya siya? TNT ba siya sa Italia? Takot ba siyang baka magsumbong ako? Ilan taon na kaya siyang di nakauwi? Ilan ang kaniyang pinag-aaral?

Walang panahon ang kababayang iyon upang masdan at titigan ang mga obra maestra. Siya kasi ang obra maestra.

Papa

Ferdinand Pisigan Jarin

Sa tuwing mapapalo ako noon ni Mama o ni Nanay dala ng kalikutan at kakulitan, sa pagitan ng pag-atungal na parang baka sa kaiiyak habang hinahaplos ang binti na nalatayan, bukambibig ko ang “Papaaaa! Papa ko!” bilang pagsusumbong sa aking ama. Pero hindi siya dumarating para aluin ako. Para patahanin ako. Kami ni Michael. Kahit kailan, di siya dumating. Dahil kahit kailan, di na siya nagpakita.

Nang magtanong ako kay Mama noon kung bakit wala kaming ninong at ninang sa Quinabuangan, gustong-gusto ko ring itanong kung bakit hindi namin kasama ang aking ama doon. Maraming araw pa ang lilipas nang maglakas-loob akong itanong ito sa kaniya. Sasagutin niya ito sa pagsasabing “Sundalo kasi ang Papa n’yo at sa iba’t ibang lugar nadedestino kaya di natin kasama dito.” Nag-anak pa ng maraming tanong sa isip ko ang naging sagot ng aking ina. Wala bang bakasyon sa trabaho sila Papa para di niya kami mabisita o masamahan kaya kahit ilang araw lang bago muling bumalik sa lugar kung saan man siya nakadestino? Di ba niya kami naiisip? Di ba niya kami nami-miss?

Madalas akong paiyakin noon ng aking mga Tiyuhin lalo na sina Tito Genie at Jun. Sasabihin nila na ang ama ko raw ay sumama na sa ibang babae. Na iniwan na kami. Na hindi na babalik. Na hiwalay na raw sila ng aking ina. Siyempre di ako naniniwala sa kanila. Mas maniniwala ako sa naging sagot ng aking ina. Na ginagawa lang nila ‘yon para paiyakin ako dahil alam nilang bata pa lang, pikunin na ako. E, talagang masarap

magpaiyak ng mga batang-pikunin e. Malalaman ko ito nang ako na ang gumagawa nito nang tumanda.

Pero di lang pala talaga nila ako basta pinapaiyak lang. Sinasabi pala nila talaga ang totoong kuwento.

Palatanong akong bata at alam ito ng pamilya. Pero nang magtanong ako tungkol sa aking ama, naisip marahil ng aking ina na hindi na ito katulad ng mga dati kong tanong sa kaniya tungkol sa “kung bakit ang ingay ng mga kuliglig sa gabing matutulog na kami” o “sa likod ba talaga ng bundok lumulubog ang araw.” Kaya’t isang araw ay aaminin na rin sa akin ni Mama na kaya kami napadpad sa bahay ng aking Lola at Lolo sa Quinabuangan at iniwan ang Cembo ay dahil naghiwalay na sila ng aking ama. Biglang sumariwa sa batang-isipan ko noon ang eksena ng mga kahol ng aso, maulan, umiiyak si Mama at pinaalis kami sa isang paupahang-bahay sa Cembo. Kasunod nito ang malabong larawan ng itsura ng aking ama sa limang-taong gulang kong alaala. Mabuti pa ako at may malabong imahen ng kaniyang mukha. Pati ang ilang eksena ng pagpasyal naming mag-ama sakay ng kaniyang dilaw na kotse at pagbibigay niya sa akin ng Piso para huwag ko silang guluhin ni Mama habang malungkot at seryoso silang nag-uusap sa isang parke ay babalik sa aking alaala. At ang huling eksenang maaalala ko, hawak-hawak ako ni Mama at halos makaladkad niya ako dahil nagmamadali ang kaniyang lakad para maghanap at magtanong sa mga nahanap na kakilala, na nasa likod ng mga salaming bintana o di kaya’y nasalubong sa pasilyo, sa di ko matiyak kung saan mang opisina o gusali, kung nalalaman ba nila ang kinaroroonan ng aking ama. Darating ang araw na malalaman kong kaya namin ginawa ang huli ay dahil sa dumating ang mga araw na hindi na umuuwi sa aming inuupahang-bahay ang aking ama.

Bago pa dumating ang araw nang hindi na pag-uwi ng aking ama, darating daw muna ang mga araw na may estrangherong biglang susulpot sa inuupahang-bahay namin noon sa kalye ng Ipil sa Cembo at magpapakilala kay Mama bilang kapatid o pamangkin ni Papa habang ang aking ama ay nasa loob ng kampo nila sa Fort Bonifacio at nakaduty o di kaya’y tumutugtog sa kung saan mang lugar na may okasyong pang-militar. Kabilang siya sa banda ng Army bilang Trombonista. Malugod naman silang tatanggapin ni Mama dahil hindi pa niya alam noon na ang nagpakilalang pamangkin ay anak pala talaga ni Papa sa legal

nitong asawa. Dahil nagpakilala ang aking ama noon sa aking ina na isang binata. At ang nagpakilalang kapatid ay kamag-anak pala ng asawa ng aking ama. Marahil, ginawa nila ito sa aking ina upang mapatunayan kung talagang may ibang kinakasama si Leopoldo Jarin, na naririnig nila bilang kuwento-kuwento sa bayan ng Imus sa probinsiya ng Cavite kung saan nagmula ang aking ama at siyang lugar na tinitirahan ng kanyang orihinal na pamilya. Nang mapatunayang totoo nga ang mga kuwento, isang araw ay bubulagain si Mama ng legal na asawa ni Papa at mag-eeskandalo ito sa Cembo (at sunod-sunod din ang pagkakataong susugurin nito ang aking ama sa kampo) para ipaglaban ang kanyang karapatan bilang legal na asawa at ang karapatan ng kanilang apat na lehitimong anak. Nang ipinanganak ako, nasa elementarya na ang bunso sa apat na anak ni Papa sa kaniyang asawa. Nang ipanganak si Michael, nagsisimula nang mamuo ang mga delubyong ito sa pagsasama ng aking ina't ama.

At mabigat, sobrang bigat ang lahat ng ito sa dalagang probinsiyana na si Melinda na napaibig ng isang sundalong nagpanggap na binata samantalang ang una niya lang nais ay makapagtapos ng pag-aaral sa kolehiyo sa Maynila habang namamasukan sa tindahan ng isang Tiyahin sa loob ng kampo-militar. Wala siyang gagawin kundi umiyak nang umiyak nang dumating na ang mga eksena at rebelasyong ito. Pero maghihintay pa rin siya ng paliwanag mula sa aking ama. Umasa pa rin siyang magliliwanag ang lahat. Pero hindi na pumayag si Tatay, ang aking Lolo, na masaktan pa nang paulit-ulit ang kaniyang anak. Inutusan niya ang aking ina na hiwalayan na ang “hayop na lalaki” at umuwi na sa probinsiya at dalhin ang kaniyang mga apo. At isang araw nga noon, matapos ang pakikipag-away ni Mama dahil sa pagpapaalis sa amin sa inuupahang-bahay, at nang tuluyan nang hindi mahanap ang hindi na umuwing asawa,” nagdesisyon si Mama na sundin na ang kaniyang ama.

Kung may kapiranggot akong naalala tungkol sa aking ama, walang alaala ang aking kapatid kay Papa. Ni hindi niya nakita ang mukha nito dahil isang taon pa lang siya noon nang mangyari ang hiwalayan, o mas tamang sabihing pag-iwan sa amin ng aming ama. Kaya't nang mag-aral siya, hindig-hindi niya gagamitin ang apelyido nito sa elementarya dala ng kaniyang galit sa aming ama. Mapipilitan na lang siyang gamitin ito pagtuntong ng hayskul para maisaayos ang kaniyang mga legal na dokumento sa pagaaral.

Pero nang magsimula na kaming magkapatid na hanapin ang pisikal na presensya ni Papa at malaman din agad na “suntok sa buwan” na mangyayari ito, matatagpuan naman namin ito sa mas marami.

Kay Tito Genie, bunsong kapatid ni Mama, matututunan ko na di dapat iniyyakan ang mga hindi ko magawa-gawang bagay dahil wala akong matatapos kung lagi na lang mahina ang loob ko. Nang nag-aaral na ako sa elementarya at dumarating ang mga panahong may mga proyekto sa eskuwelahan, kay Tito Genie ako tumatakbo para magpaturo at magpatulong para magawa ang mga ito. Kalimitan ay handicrafts. Bunot, salaan, at picture frame ang ilan sa mga natatandaan ko. Madalas sa kanya ko itatanong kung paano o kung saang lugar ako makakakuha ng materyales para sa mga ito. Aakyat niya ang kaisa-isa naming puno ng niyog sa bakuran para tanggalin ang isang matandang niyog sa tuktok na gagawin kong bunot. Ituturo niya ang tamang sukat ng hati sa niyog lalo kung paano maglagari para mahati ito. Gayundin sa tamang sukat ng mga hiwa ng kawayan at lalim nang pagpapa-arko sa mga hiwang ito para maging tama ang lalim ng salaan. Maging ang eksaktong pagdadaiti ng mga hiniwang talahib sa baga para di ito masunog at makuha ang tamang kulay ng picture frame. Isang araw ay mapupuntahan ko ang masukal na parte ng gilid ng ilog sa Quinabuangan para mamutol ng “Bayog,” o iyong mas makapal na uri ng kawayan at makararating din ako sa Kabatwan, isang malawak at mabatong batis sa malayong baranggay ng Lauis, para mamutol ng mga talahib dahil sasabihin niya na dito makakakuha ng magandang materyales para sa mga proyekto ko at dapat kong puntahang mag-isa para matuto raw akong magpagod lalo na ang lumakas ang loob. Tuturuan niya ako pero ako raw ang dapat gumawa. At habang gumagawa hindi raw dapat mahina ang loob ko dahil wala akong ginawa kundi umiyak lalo’t hindi ko makuha-kuha ang tamang sukat, porma, at disenyo na itinuro n’ya. Nangyari kasing tatlong beses ibinalik ng aking guro sa Industrial Arts ang ginawa kong salaan, habang halos lahat ng mga kaklase ko ay nabigyan na ng grado sa kanilang mga natapos na salaan, dahil hindi ko makuha-kuha ang tamang lalim nito. Hindi ko mai-arko ng mabuti at husto ang mga hiwa ng kawayan. Pagka-uwing pagka-uwi ng bahay ay ibinato ko ang ikatlong salaan na ibinalik sa akin at biglang umatungal ng iyak sa sama ng loob. Galit na pupulutin ni Tito Genie ang salaan sa lupa at uutusan akong lumapit sa kanya. Pinatingin niya ako ng todo sa gagawin niya. Binaklas niya ang salaan hanggang matira na lamang ang

mga makakapal na hiwa ng kawayan na magsisilbing buto ng salaan at ini-arko ang mga ito sa pinakamalalim na kurbang kayang abutin. Isa-isa niyang pinulot ang mas maninipis pang hiwa ng kawayan na magsisilbi namang balat ng salaan at hinabi ito nang mabilis at sigurado sa pagitan ng nakaarkong mga hiwa. Matigas ang kaniyang mukha at nanginginig sa tigas ang kaniyang mga kamay nang ginagawa niya ito habang salitang tumitingin sa ginagawa at sa aking mukha. Halos sa isang iglap ay buo na muli ang mas malalim na ngayong salaan. Nang matapos, pabigla niya itong iniabot sa akin na halos maduldol sa luhaan kong mukha at sinabihan ako ng: “Pirmi kang ampanangi (Lagi ka na lang umiiyak) kaya wala kang matatapos!” Bigla siyang tumayo at iniwan ako na biglang natigil sa pag-iyak, hawak ang salaan na natutuluan ng aking uhog na di napunasan dahil sa gulat.

Ang ikatlong lalaki sa mga kapatid ni Mama na si Tito Jun ang magtuturo naman sa akin na matutong maghintay. May mga pagkakataong isinasama niya ako sa ilog para manghuli ng isda at manguha ng Lukan, malaking bersyon ng Halaan. Minsa’y gagamit kami ng maliit na lambat para sa mga may kalakihang isda pero madalas ay kamay para dakmain ang mga maliliit na isda na kadalasa’y lumalangoy lamang sa mas mababaw na parte ng ilog. Gagamitin din namin ang mga kamay bilang panghukay sa mga bahay ng lukan na parang maliliit na bulkan na magkakasunod na nakatumpok sa gilid-gilid ng ilog para makuha ang lukan sa ilalim nito. Sa una’y may gana pa akong sundan ang bawat langoy ng mga isda pero lilitaw din ang pagiging mainipin ko. Manggigigil akong dakmain nang dakmain ang isda na magreresulta ng paglabo ng tubig dahil sa pag-angat ng lupang nagulo ng walang-tiyaga kong mga kamay hanggang di ko na makita ang isda. Hindi rin masinsin ang pagpasok ng kamay ko sa butas ng bahay ng mga lukan. Madalas kong masira ang mga ito at laging nadadamay kahit ang mga maliliit pa na di pa pwedeng pakinabangan. Halos mapuno na ang basket ni Tito Jun at ng aking mga pinsan ng mga isda at lukan, sa akin wala pang laman. Dahil dito’y madalas akong singhalan ni Tito Jun at sabihang di ko dapat minamadali ang mga ito. Wala rin daw akong magiging silbi sa mga ganitong lakad namin sa ilog. Kalauna’y hindi na niya ako yayayaing sumama. Nang sa wakas ipangako ko kay Tito Jun na di na ako magiging mainipin, saka lang niya ako muling isasama. Mula noon, uuwi kami sa bahay mula sa ilog na palagi nang may laman ang basket na nakasukbit sa aking bewang.

May isang kabanda noon ang aking lolo na nagngangalang Aloy. Tio Aloy ang tawag namin sa kanya. May mga araw na kahit walang kontrata ang banda, dadaan siya sa bahay at makikipagkuwentuhan kina Tatay at Nanay. Pero mas madalas hahanapin niya kaming magkapatid para tanungin kung di ba kami nagiging pasaway kay Mama. Lagi niya kaming inaabutan ng piso pambili ng kendi. Nang dumating ang panahong nag-aaral na kami, walang sawa niyang kinukumusta ang situwasyon ng pag-aaral namin. Sasabihin pa niya minsan kina Tatay at Nanay na tiyak matalino raw ako paglaki dahil andami ko raw tanong. Ipinaramdam niya sa amin na ang mga anak ay dapat laging kinukumusta, binibilinan, inaalala.

May isa pang Jun, si Manong Jun. Di namin tiyuhin. Asawa ni Tia Upeng. Malapit kaming magkapatid sa mag-asawa lalo na sa kanilang mga anak na babae na itinuring naming mga ate. Sina Betty, Yolly at Yeya. Sila ang pinakamalapit naming kapitbahay. Kaibigan din ni Mama ang panganay nilang babae na si Ate Amy. Si Manong Jun ang magtitiyagang magturo sa amin ng tamang pagkapa at maingat na paghukay sa mas malaking ugat ng kamote na madalas ihawin at gawing meryenda ng mga bata sa Quinabuangan. Noong una kasi, payat, maliliit at di pa ubrang ihawing kamote ang madalas kong mahukay. Kaya sagana ako sa kantiyaw mula sa aking mga kalaro. Naturingan pa naman daw na nasa bakuran namin ang maraming kamote na tanim ni Nanay. Bukod kasi sa iba pang dahon-dahon tulad ng talinum at saluyot, nilagang talbos ng kamote ang isa sa “bestseller” na inihahain ng aking lola kapag walang-wala. Partner ito sa ginisang bagoong-isda. Pero nang maturuan na ako ni Manong Jun, nangunguna na ako sa palakihan ng kamote na nahuhukay. Ituturo din sa akin ni Manong Jun ang pagiging dapat na masaya sa harap ng pagkain. Isang gabi ay iimbitahan n’ya akong makisalo sa hapunan ng kaniyang pamilya. Sa pagitan ng kanilang pagnguya, nakangiti silang nakatingin sa alinlangan kong pagtatangka sa unang pagsubo. Hindi alinlangan ang unang pagsubo ko nang gabing ‘yon dahil nahihya akong makikain sa ibang bahay. Noon ko lang kasi nalaman na puwede palang i-ulam ang asin sa tinubigang kanin. Pero sa mga sumunod na subo, malalaman ko na mas malasa pala ang pagkain nila dahil pinasarap ng mga nakangiti nilang paghahapunan. Ginanahan akong kumain.

Marami pa silang gumabay sa aming magkapatid. Bukod kay Tatay na aming lolo, nariyan din ang mga lalaking kapitbahay at kaibigan ng

pamilya. Lahat sila ay may naitanim na aral sa batang-puso at isipan namin, sa magkakaibang panahon at sitwasyon. Mula sa simpleng pag-akyat sa puno, pagtakbo nang mabilis, mahusay na paglalaro at pagiging kalaro hanggang sa paggalang at pagsunod sa utos ng mga mas nakatatanda. Ilan sa kanila ay sina Tio Dante, Elpie, Cezar, Adol, Jimmy at Ikiw.

Noong aminin na ni Mama ang totoong kuwento kung bakit di namin kasama si Papa sa Quinabuangan, masasaksak sa isip ko na lahat ng sumbong ko sa kaniya sa tuwing napapalo, at ang lahat ng tanong ko sa isip na umiikot sa ideya ng “kung naiisip pa kaya n’ya kami?,” ay pulos natangay lang pala ng hangin. Buti na lang, hindi ako nasama. Dahil napunan ng mga tiyuhin, Tio, Manong at Lolo ang espasyong inalisin ni Papa sa kalooban ng pagkatao ko bilang isang anak. Maraming tamang-asal at pagpapahalaga ang ipapakilala nila sa akin na maitatanim ko naman sa kaloob-looban ng aking batang utak at puso. Hindi nila pinayagang malunod kaming magkapatid sa lungkot na kakambal ng karanasang maiwan, at sa inggit kapag nakikita ang mga kalarong kasama ang kani-kanilang Tatay o Itay. Noong mawalan pala kaming magkapatid ng Papa, naglagay naman ito ng malawak na pintuan para pasukin ang aming buhay ng maraming ama.

Pero mas malaki at malalim ang espasyong nalikha sa kalooban ni Mama na iniwan ng itinuring na asawa.

En Route

Rhea B. Gulin

Sinusukat ko raw ang haba ng mga biyahe ko noon gamit ang mga puno. Walong puno mula Sapang Palay hanggang Tungkong Mangga. Labingwalo mula Sampol hanggang palengke ng Sta. Maria. Sabi ni Mommy, dahil sa bagal kong magbilang noon at sa dalas kong makatulog sa biyahe, siguradong mahaba na ang biyahe kung aabot ng dalawampung puno ang mabibilang ko. At dahil sa mga puno nga nakabase ang pagsusukat ko ng layo ng isang lugar, ang tanong ko raw lagi sa tuwing may aalis sa amin noon “Mga ilang puno ang madaraan mo?”

Ilang taon mula noong huling beses akong nagbilang ng puno para masukat ang haba ng mga byahe ko, matututuhan kong gumamit ng iba’t ibang panukat ng layo. Pero noon, kahit sa puno lang nakadepende ang pagtatala ko ng mga pag-alis, lagi naman kaming nakakabalik.

35 pesos na pamasaha sa FX mula Maynila hanggang Fairview. Sa isang mahabang Facebook post ipinahayag ng matalik kong kaibigan noong high school ang kaniyang kalungkutan sa aking di-umano’y tuluyang paglimot:

*second most painful break up : breaking up with your best friend.
#thefeels.*

Mukhang binura na raw ng Maynila ang lahat ng pinagsamahan namin noon. Kung paanong sabay kami kumain tuwing recess kahit magkaiba kami ng section. Kung paanong lagi ko siyang binibisita sa kanilang klasrum na madalas ay nagiging dahilan ng pagka-cutting classes ko. Kung paanong sinugod ko noon ang lalaking nanloko sa kanya. Kung paanong alam ko ang lahat. Kung paanong akala niya ay alam din niya ang lahat.

Sinubukan raw niyang tiisin ang paghihintay sa akin, pinatawad ang halos apat na taong hindi pagpaparamdam. Naghihintay ng kahit isang text o simpleng Facebook message man lang na magpapakita ni kudlit ng pag-alala. Inakala raw niyang pagkatapos ng internship ko ay magkakaroon na ako ng oras para kumustahin man lang ang pag-aaral niya ngayon o tanungin man lang kung ano na ang nangyayari sa ka-long distance relationship niya. Pero natapos na raw ako sa pag-aaral, nakahanap ng trabaho, at tila unti-unti nang tinutupad ang pangarap bilang isang manunulat, ay wala pa rin daw kahit isang maliit na tangka ng pagpaparamdam.

Halos pumalo ng 68 likes ang post na iyon. Sa pagkakatanda ko, may limang taong hindi ko kilala ang nag-comment ng kanilang simpatiya kasama na rin ang pagpapaalala na naroon sila para damayan siya anumang oras niya kailanganin. Isang comment na puno ng umiiyak na smiley at broken heart na emoji. At ang guro namin noon, sinabi na kumapit lang daw siya at 'wag na 'wag akong susukuan.

Pinilit ko ang sarili kong makaramdam ng lungkot. Alam kong mahal ko ang matalik kong kaibigan na iyon, na isa siya sa mga pinakamahalagang taong naging bahagi ng buhay ko. Alam kong isang malaking pagkakamali ang pananakit sa kanya sa anyo ng paglimot. Pero habang binabasa ko nang paulit-ulit ang Facebook post na iyon, ang tanging nararamdaman ko ay pagkabalisa. Pagkabalisa sa katotohanang kung babalik man ako sa kanya, na gusto ko namang talagang gawin dati pa, hindi na ako ang taong naging matalik na kaibigan niya. Hindi na ako ang taong gusto niyang muling makaalala.

Limang kilometro mula sa dating tinutuluyan kong dormitoryo sa Padre Faura hanggang sa Quiricada kung saan nakatira ang pinakamalapit

kong kaibigan noong unang taon ko sa Philippine Normal University. Isang buong taon kaming nagsama sa isang block section bago nagkahiwalay patungo sa mga piniling konsentrasyon. Isa siya sa mga nakasama ko sa mga eksena ng pagkaligaw sa mga kalye ng Maynila, pero isa rin siya sa mga nagbigay ng payo kung paano ko mahahanap ang sarili ko noong nababagabag ako kung magpapakadalubhasa ba sa Biology, English, o Literature. At noong pinili ko ang Literature sa halip na English sa kabila ng mas nakabababang pagkakakilanlan nito sa PNU, walang kahit anong uri ng panghuhusga akong narinig mula sa kanya.

Pinanghawakan ko ang dahilang marami akong ginagawa kaya hindi ako nakakasama sa mga reunion namin, o iyong pasaglit-saglit lamang na pag-uusap tungkol sa iba't ibang konsentrasyon namin noong nag-aaral pa kami. Marami naman talaga akong ginagawa noong mga panahong 'yon, pero marami rin naman ang mga pagkakataong mag-isa lang akong nakikinig ng iba't ibang kanta sa internet habang umiinom ng ilang tasang kape. Kinumusta ko man lang sana ang negosyo nilang pagtitinda ng baka sa palengke.

Ang naiisip ko noon, siguradong marami rin siyang ginagawa, at siyempre, ayokong makaabala. At aanhin nga naman niya ang isang oras ng walang saysay kong pagkukuwento tungkol sa kung anu-anong mga bagay kung maaari naman niyang gamitin iyon para saglit na makapagpahinga man lang mula sa gabundok na mga gawain?

Dalawampung minutong paglalakad mula Padre Faura patungong San Marcelino kung nasaan ang lumang dormitoryo ko at ang boarding house na tinutuluyan ko sa kasalukuyan. Tinuldukan ng simpleng babay sa mga ka-dormmate ang paglagi ko roon nang halos apat na taon. Walang iniwang numero o kung anuman. Maliban sa mga alikabok sa ilalim ng aking kama noon na kailanman ay hindi ko nagawang linisin.

Sampung oras at labintalong minuto mula Pilipinas patungong Saudi Arabia sakay ng eroplano. Nagsimula ang serye ng paglisan sa pamilya namin noong wala pa ako sa mundo. Sa pamamagitan ng mga retratong nakakalat sa bahay namin, nalaman ko na minsang iniwan ni Papa si Mommy. Sa unang larawan, nakita ko si Papa na tila isang sikat na matinee idol, mestisuhin, nakaputing polo shirt, bagong maong at itinatago ang mga mata sa likod ng isang mamahaling shades. Nakakapit ang kanyang kanang kamay sa isang itim na maleta habang naglalakad papasok sa airport. Sa kanyang pagkakangiti sa kamera, naisip kong mukhang sobrang saya niya sa pag-iwan kay Mommy.

Masaya rin si Mommy sa pag-iwan sa kanya ni Papa, batay na rin sa estilo ng pagkakakuha ng larawan na iyon. Sa laki ng pagkakangiti ni Papa sa kamera, paniguradong nakangiti rin sa kanya ang kumukuha ng retrato.

Ikalawang larawan, nakahubad na si Papa. Kupas at butas-butabas na ang bagong maong na suot niya sa naunang retrato at wala nang shades na nagkukubli sa kanyang mga mata. Sa itsura ng retrato ay halatang hindi alam ni Papa na kinukuhanan siya, kaya hindi niya naisuot ang puting polo shirt at ang ngiting dala-dala papuntang Saudi upang maging trabahador sa isang construction site.

Magkasama na sina Papa at Mommy sa ikatlong larawan. Yapos-yapos nilang dalawa si Ate noong tatlong taong gulang pa lang siya. Bagaman nakakauwi si Papa ng isa hanggang dalawang linggo taun-taon, makikita sa larawan na ilag pa rin si Ate sa kanya. Pero halata na namana ni Ate ang pagkamestiso ni Papa, kung noon ay pwedeng makipagsabayan sa mga matinee idol si Papa, si Ate naman ay pwedeng-pwede nang maging isang child star. Ngunit hindi na maipakita ng naturang larawan ang mga pagkakatulad nila dahil noong kinuhanan sila ng retrato ay sunog na sunog na ang balat ni Papa mula sa pagtatrabaho sa ilalim ng tirik na tirik na araw.

Bukod sa kulay ng balat, makikita rin sa mga larawan ang unti-unting pagpayat ni Papa. Malamang ay dahil sa pagsisimula niyang manigarilyo o sa matinding pagtitipid para mabili ang organ na regalo niya sa amin ni Ate. Halos hindi na siya iyong matinee idol na umalis patungong Saudi; bumalik siya bilang isang malakas na lalaking hindi natibag ng mga taon ng pag-iisa. Lahat para sa pamilya.

Hindi ko alam kung sinadya ba ng tadhana pero ipinanganak akong payat ang pangangatawan, at kung tumaba man ay payat pa rin sa mata ng

nakararami. Ako ang pinakapayat sa amin. Ang kaputian din ng balat ko, hindi kasing sigla katulad ng kay ate at sa nakababata kong kapatid. Puting-putlain daw sabi nila. Parang nahulma rin ako sa bagong anyo ni Papa.

11,138 km mula Pilipinas hanggang Canada. Inakala ko noon na ang mga naglalakihang electric posts at naghahabaang electric wires ang nagkokonekta sa Pilipinas at iba pang bansa tulad ng Canada. Ang pagdating ko sa mundo ay ang siyang pagbalik naman ni Papa kay Mommy; pero hindi nagtagal, sina Lolo at Lola naman ang umalis. Ang naaalala ko na lang ay pumunta kami ni Mommy sa Pizza Hut na malapit sa bahay namin at kahit naubos ko na ang isang buong pizza ay nanatili pa rin kami sa restaurant na iyon. Pagbalik ko ng bahay ay ipinaliwanag sa akin ni Mommy na umalis na sina Lolo at Lola para magtrabaho sa Canada.

Akala ko, direktang nakakonekta ang Pilipinas sa Canada kaya ganoon na lang kabilis nakaalis sina Lolo at Lola nang hindi ko nalalaman. Noong nakakita ako ng mga malalaking electric post na may mahahabang electric wires, inisip kong ang mga iyon ang nagdurugtong sa Pilipinas at Canada. Tuwing may nadadaan kami ni Mommy na mga electric post ay kumakaway ako sa pag-aakalang makikita ako nina Lolo at Lola. Isang beses, napansin na ni Mommy ang ginagawa ko kaya ipinaliwanag niya na sa akin na malayo ang Canada sa Pilipinas at hindi ang mga electric wire ang nagkokonekta sa kanilang dalawa. Aniya'y hindi sila naglakad sa mga electric wire na iyon at lalung-lalong hindi sila pumasok sa loob ng mga electric post para makapunta ng Canada. Sumakay sila ng eroplano at lumipad sa langit.

Sinunod ko si Mommy, tinigilan ko na ang pagkaway sa mga electric post. Kaya sa tuwing may dumaraan na eroplano ay isinisigaw ko ang mga gusto kong sabihin kina Lolo at Lola, lalung-lalo na ang mga gusto kong pasalubong sa pag-uwi nila.

Unang beses kong makilala ang globo at mapa nung Grade 2 ako. Ipinaturo ko agad kung nasaan ang Pilipinas at nasaan ang Canada. Dahil halos isang dangkal ko lang naman ang distansiya ng Pilipinas at Canada sa globo at mapa, naisip kong tama naman pala ako, magkalapit lang naman

silahit walang direktang pagkakakonekta. Lalo akong nabagabag kung bakit hindi magawa-gawang bumisita man lang nina Lolo at Lola tuwing kaarawan ko. Dumating sa punto na naisip ko nang baka ayaw na nila sa akin dahil sa sobrang kulit ko. Kumpara kasi kay Ate, hindi hamak na mas matigas ang ulo ko at mas marami akong ginagawang kalokohan. Mas malimit din akong sumasagot at nangangatuwiran tuwing sinasabi nilang mali o hindi pwedeng gawin ang isang bagay. Nasa ikatlong baitang na ako sa elementarya noong naunawaan ko ang layo ng Canada at Pilipinas. Malayo naman pala talaga sila sa akin, bahagya akong napanatag na hindi naman pala talaga sila galit sa akin.

Napagtanto ko, sa pagpasok ko sa high school, na matagal-tagal pang hindi makakabalik sina Lolo at Lola. Doon ko lubos na napag-aralan ang mga naglalakihang karagatan na naglalayo sa akin at sa kanila. Hanggang sa panahon na iyon ay tumitingala pa rin ako sa langit sa pag-asang baka ang dumaraang eroplanong iyon ay sakay-sakay silang dalawa, pauwi na, at sosorpresahin ako sa aking pagtatapos ng high school nang may ilang karangalan. Pero hindi ko na sinisigaw ang mga gusto kong sabihin sa kanila, dahil wala na. Hindi ko na gusto ng kahit anong pasalubong noon. Ang gusto ko na lang, bumalik sila kahit paano.

Nakuntento na ako sa pagtawag-tawag nila linggu-linggo at sa paggamit ng Skype tuwing may mahalagang okasyon noong nagkolehiyo ako. Hindi ko na pinapansin ang mga electric post na inakala ko noong tanging nagkokonekta sa akin at kina Lolo at Lola.

Sampung oras at labintatlong minuto mula sa Pilipinas patungong Saudi Arabia sakay ng eroplano. Sa muling pagkakataon. Hindi pa man din nakakabalik sina Lolo at Lola mula sa Canada ay may isa na namang umalis kasabay naman ng paglaki ng nakababata kong kapatid. Maglilimang taon nang nagtatrabaho si Ate bilang isang medical transcriptionist dito sa Pilipinas at kahit kailan ay hindi pa niya naramdaman ang ginhawang inakala niyang makukuha niya sabay ng pagtatapos sa kolehiyo. Kinailangan niyang magtrabaho sa Maynila dahil hindi sapat ang provincial rate para mapag-aral ako sa kolehiyo at para matustusan din ang pagpasok ng bunso namin sa paaralan, lalo

na't naipatupad na ang K-12 na lalong magpapahaba at magpapamahala ng pag-aaral niya. At dahil sa tingin niya ay mas mapapamahala siya kung mamamalagi siya sa Maynila dahil sa pamumuhay sa siyudad, pinili niyang mag-uwian. Bukod sa wala siyang sapat na panggastos upang mapagbigyan ang sarili niya kahit paano sa mga kakarampot niyang luho ay wala rin siyang oras para sa sarili dahil kaliwa't-kanan ang pag-overtime niya para madagdagan kahit paano ang maliit niyang suweldo. Hindi na siya nakatiis at noong may oportunidad siyang nakita para maging isang medical transcriptionist sa Saudi ay agad niya itong kinuha nang walang kaabog-abog.

Hindi tulad ng mga nakaraang serye ng paglisan ay may direkta akong alaala sa pag-alis ni Ate. Hindi ko nalaman ang pangyayaring ito sa pamamagitan ng mga retrato at hindi rin ako inilayo patungo kung saan para hindi masaksihan ang pag-alis niya. Bagaman hindi ako nakasama sa paghatid sa kanya, nakatago pa rin hanggang ngayon ang mga huling text niya sa akin habang nasa Pilipinas pa lang siya; bago siya sumakay ng eroplano at pumanaog din papalayo tulad nina Papa, Lolo at Lola.

Napalabnaw ng teknolohiya kahit paano ang pagkakalayo namin ni Ate dahil sa regular naming pag-uusap sa Facebook at iba pang mga social networking site. Sa mga oras na ito, pinaguusapan namin kung paanong ngayon ay marunong na siyang magluto at ako naman ay mahusay nang maglaba. Dalawa sa maraming mga bagay na hindi namin nagagawa noong hindi pa kami umaalis sa poder nina Mommy at Papa.

Apatnapu't limang kanta ng Up Dharma Down, Ang Bandang Shirley, Eraserheads, Paramita at Imago ang madalas kong kasama sa mahabang byahe mula Maynila patungong Bulacan. Halos kada tatlong linggo na lang ako kung umuwi. Habang nagkukuwentuhan kami nina Mommy at Papa tungkol sa plano naming magbakasyon sa Baler, Aurora, nagulat ako nang marinig ko ang pagtawa ng kapatid ko sa kanyang pinapanood na cartoons. Sanay na ako sa malakas niyang paghalakhak, iyon ang minsang gumigising sa akin sa umaga tuwing bakasyon, ang ikinabigla ko ay kung gaano na kalalim at kabuo ang boses niya. Pinuntahan ko siya at sinabihan na ikuwento sa akin ang pinapanuod niya, tumayo siya sa harap ko at doon

ko lang napagtanto na halos magkasingtangkad na pala kami.

Ang pagtangkad ng bunso kong kapatid ay siya ring pagsulpot ng mga naglalakihang gusali, iba't ibang modernong pamilihan, at isang damakmak na subdivision sa Sapang Palay. Unti-unti namang lumiliit ang porsyento ng mga lugar na magpasahanggang ngayon ay nababalot pa rin ng mga nagtataasang puno. Hindi na ganoon kapresko ang hangin, kaya tila ilog na kung umagos ang pawis sa aking katawan.

Dalawampu't walong milya sa pagitan ng Bulacan at Maynila. Hindi ko man lang ma-text ng “Kumusta ka na?” ang mga dati kong kamag-aral noong high school. Hindi sa hindi ko kaya, ngunit hindi ko lang masagot ang tanong na “Bakit pa?”

Malamang ay hindi ko na rin mababalikan ang matalik kong kaibigan noong high school. Base pa rin sa kanyang Facebook account na paminsan-minsan ay binibisita ko, magkaiba na ang galaw ng mga buhay namin. Gising siya sa gabi at tulog sa umaga, naging isa sa libo-libong Filipinong tila ginawang bampira ng iba't ibang international call center companies dito sa Pilipinas. Tulad nina Lolo, Lola, at Ate na nasa ibang bansa, hindi na magkatagpo ng mga oras namin kahit nasa iisang bansa lang naman kami.

70 pesos na pamasaha sa bus mula Maynila patungong Bulacan. Napansin kong tila lalong lumalakas ang pakikinig ni Papa ng TV. Pinapagalitan ko siya at sinasabing baka mabingi na rin ang nakababata kong kapatid dahil lagi silang sabay manuod. Sa bawat pag-uwi ko rin ay agad na sinasabi ni Mommy na buksan ko ang hotspot ng cellphone ko dahil makiki-internet siya. Isa na siya sa mga laging nauunang mag-like at mag-comment sa mga post ko sa Facebook gayong halos noong nakaraang taon ay hindi niya mabuksan ang regalo sa kanyang tablet ni Papa dahil sa sobrang pagkalito. Pero kung anong bilis niya sa pag-like ng bago kong selfie ay siyang bagal niyang nakalakad palabas ng bahay noong tinawag ko siya para silipin ang bangkay ng nasagasaan naming asong si Hotdog.

Dalawampu't limang hakbang mula sa bahay namin patungo sa bahay ng mga pinsan ko. Kasama kong naglakad sina Mommy at Papa papunta sa lamay ng Uncle ko. Tanggap na naming lahat na mangyayari iyon, matanda na rin naman talaga siya at makailang beses nang na-stroke, kaya ang dapat na malungkot na pakikiramay ay naging masayang reunion naming magkakamag-anak. Ayos lang naman din sabi ng pamilya niya, iyon naman daw talaga ang gustong mangyari ni Uncle.

Marami na talagang nagbago sa buong pamilya namin. Kaming dating mga batang pinapasayaw tuwing Pasko at bagong taon, ngayon ay may mga trabaho na. Sina Papa at iba ko pang mga tito na dati ay parang mga dragon kung manigarilyo habang nag-iinuman, ngayon ay mga stick-o na lang ang ipinapasak sa bibig habang nagkakape. Hindi na raw kaya ng katawan nilang lahat ang mga bisyo. Sina Mommy at iba ko pang mga tita, medyo pili na ang mga pinag-uusapan dahil sa maraming bagay na nangyari dati.

Pero ang napansin ko talaga, iyong pamangkin ko sa isa kong pinsan, ang pinakabata sa aming magkakamag-anak. Kilala ko siya, pero siguro ay hindi niya ako kilala dahil madalang naman akong umuwi. Malamang ay naaalala lang niya ang mukha ko sa paminsan-minsang pagkakasalubong sa daan o sa malimit na pagkakasabay sa tindahan, pero hindi kung sino ako.

Maingay na bata ang pamangkin kong iyon. Kanta nang kanta. Sayaw nang sayaw. Nanghihimasok sa usapan ng mga matatanda. Kumportable siya kahit kanino, kahit nga sa akin ay hindi siya nahihiya kahit hindi niya ako masyadong kilala. Halos lumaki kasi siya sa puder ng lahat ng mga tita at tito ko. Naghahalinhingan kung sino ang pwede mag-alaga sa kanya, hanggang noong nakaraang taon ay napagpasiyahan na ng isa kong tita ang maging “official and honorary” yaya niya. Ang mama niya kasi, kasalukuyang nasa Abu Dhabi, nagtatrabaho para sa kanilang dalawa.

Napansin ng isa kong tita ang pagkakatitig ko sa pamangkin ko. “Para siyang ikaw, ‘Day. Ganyan ka rin non ‘e. Ganyang-ganyan.”

Ikaanim na Bahay

Mark Anthony S. Salvador

May mga pagkakataong naninibago pa rin ako sa apartment na tinitirhan namin. Kung takipsilim at pauwi ako, naninibago ako 'pag sinasalubong ako ng makapal na talahiban at ng huni ng mga bibe at itik. Kung gabi naman na nakaupo sa terasa at nagbabasa, naninibago ako sa kadawagan ng iba't ibang puno at sa yakap ng malamig na hangin. Pakiramdam ko, wala ako sa NCR, at nasa probinsiya ako.

Disyembre 9, 2013 nang lumipat kami rito. Isa iyong araw na kakaiba sa amin, ngunit pangkaraniwan. Pangkaraniwan dahil panglima na namin iyong lipat-bahay. Sanay na kami sa emosyon ng paglisan at muling pagsisimula. Kakaiba dahil ngayon na lang ulit namin ito nadama, makalipas ang walong taon, at naiba ang pakiramdam na ito kumpara sa ibang paglipat. Dahil bukod sa wala naman talagang parehas na parehas na pakiramdam, ay malayo ang aming nilipatan. Ito ang unang beses na nalipat kami sa ibang barangay. Hindi na kami mamamayan ng kinalakhan naming barangay.

Ang una naming tinirhan ay sa Kaypandan Street, sa Canumay. Taong 1989 nang tumira roon sina Mama at Papa para makapagsimula. Beyntekuwatro anyos lang sila nang magpakasal. Guro sa Karuhatan Elementary School si Mama at operator naman ng makina sa pabrika ng tubo si Papa.

Noong una, P450 lang ang upa nila sa bahay. Kaunti pa lang daw ang apartment noon at puro kawayan pa ang dulo ng apartment. Taong 1996, nagtaas sa P600 ang upa.

Ako ang panganay nilang anak, at dahil walang makuhang yaya, pinaalagaan nila ako sa aking lolo at lola sa Nueva Ecija, mga magulang ni Mama. Taong 1990 iyon. Maghahayskul na ako nang kuhanin nina Mama at Papa para mapatuloy ng pag-aaral sa Valenzuela. Tuwing bakasyon ay kinukuha ako nina Mama at Papa para magbakasyon at bilhan ng mga gamit. Sa aking gunita, buhay na buhay pa rin ang unang apartment na aming tinirhan. O puwede kong sabihing, kanilang tinirhan.

Masikip lang ang apartment na iyon, lalo para sa akin na laki sa malaking bahay sa probinsiya. Sa bahay na tatlo ang kuwarto, may terasa at garahe. Sa pinto pa lang ng apartment ay kita na ang kusina, at kadikit na halos ng lababo ang pinto ng banyo. Maski sa mahihirap na pamilya sa baryo namin sa Nueva Ecija, wala akong nakitang bahay na gayon kaliit. Parang isang may kalakihang kuwarto lang ang luwang. Lima ang apartment doon, una ang aming inupahan, dingding lang ang pagitan sa pangalawang komedor ng bahay ng may-ari. Sa harap ng limang apartment ay ang hindi kataasang pader, na kung babalikan ko sa aking alaala ay isang mataas na pader, dahil nga bata pa ako noon. Makipot lang ang pagitan ng pader at ng mga bahay, na siyang nagsisilbing daan. Lalo iyong sumikip dahil nilagyan ng upuan at ng dram ng tubig ng mga nakatira, at sumisikip pa kung may mga naglalalag ng batya para maglaba. May pagtingin akong espesyal ang sa amin, dahil sa tapat niyon ay may isang matandang puno ng santol na ikinulong sa pabilog na harang na semento. Natatandaan ko pang noon, pagkagising namin, doon kami umiiling magkakapatid. At ang tubig doon ay rasyon lang, tuwing ikalawang araw.

Naging malapit sa amin ang pamilya ng may-ari ng bahay. Naging ninong ni Ricky ang panganay nilang anak. At pati si John, bunso namin, ay nakiki-'ninong.' Kaya 'pag Pasko, kasama siya sa binibigyan ng aginaldo at laruan. Parang dalawa silang inaanak. Inang at Tatang din ang tawag sa kanila nina Mama at Papa, lolo at lola naman ang naging tawag naming magkakapatid. Madalas din sila sa amin sa Nueva Ecija, kung pista ng baryo, kung may handaan tulad ng kaarawan, o kung makatuwaan lang. Kasama namin sila sa paliligo sa ilog at sa panunuod ng mga palabas sa bisita kung pista. Meron silang mga sasakyan, kaya naisasabay rin kami sa pag-uwi. Kung uuwi sina Mama, may pasalubong sila pagbalik tulad ng tinapa, burong kanin at mga gulay. Ganoon din naman sila sa amin kung

may uuuwi sa kanila sa Cebu. Sa madaling sabi, naging parang kamag-anak na namin sila.

Kaya ganoon na lang ang pagkagulat namin sa Nueva Ecija nang ‘palayasin’ doon sina Mama. Tanda kong nasa grade 5 ako noon. Hindi makapaniwala sina Nanay at ang malalapit pa naming kamag-anak sa nangyari. Hanggang sa umuwi sina Mama para maikuwento nang buo ang nangyari.

Hindi na raw sila pinapansin ng may-ari ng bahay, at naging kay lamig ng pakikitungo sa kanila. Hindi naman nila alam kung bakit. Kinausap daw nila ay napagtaasan pa sila ng boses ng isang anak nito. Sa bigat ng kalooban ng mga magulang ko ay nagpaalam na lang silang aalis na lamang sila. Hindi naman tumutol ang mga may-ari. Panglabing-dalawang taon na nila roon at P800 na ang upa kada buwan. Napag-ugnay-ugnay nila, kalaunan, na ipapaayos ang bahay at tataasan ang upa. Na siya ngang nangyari.

Sa salaysay ni Mama, panay ang iyak ng aking mga kapatid. Grade 3 noon si Ricky at grade 1 naman si John. Kung titingnan ko sa perspektiba ng mga magulang ko, nakapanghihinayang ang pagsasama, sa pagitan nila at ng mga kapitbahay, sa pagitan nila at ng pamilya nina Lola. Kung sa perspektiba ng dalawa kong kapatid, ang nandoon ay takot. Takot sa bagong lugar at sa pagkawala ng mga kaibigan. Hindi ko nadama ang alinman sa mga iyon. Iba ang mundong aking ginalawan, iba ang aking naging sensibilidad. Naaalala kong panay pa ang tanong ko sa kanila noon kung saan na sila mag-aaral. Niyon pala, sa paaralang iyon pa rin. Sa dami ng tao sa lungsod, akala ko, bawat street ay may sariling paaralan.

Nalipat kami sa Doneso, dulong street ng Canumay. Mula ito sa pangalan ng isa sa mga naunang lahi sa Canumay. Nang minsang tumawag si Mama, 3210 pa ng Nokia ang cellphone noon, sinabi niyang sumama ako pagluwas nina Tatay. Nang makita ko raw ang kanilang nilipatan. Napag-usapan na kasing pagkatapos ko ng elementarya ay sa Valenzuela na ako mag-aaral. Nang makita ko ang titirhan ko, ibig sabihin. Kaya nang lumuwas nga sina Tatay nang naka-trak para mag-uwi ng mga gamit mula sa kanyang kapatid na taga-Quezon City, at nagpuntang Valenzuela para dumaan kina Mama, ay kasama ako.

Hatinggabi nang dumating kami. Kaya hindi ko gaanong namasdan ang bahay. Bagama’t masasabi kong parang kasingliit din ito ng sa una, ngunit mas mainam dahil may espasyo sa harap at walang harang na pader.

Naging malaking bagay iyon sa amin, kalaunan. Lalo na sa akin. Malayang nakapaglalagos ang liwanag at hangin, at ang aming diwa.

Mas maliit ang pangalawang bahay kumpara sa una. Ngunit mas malaki kung isasama ang espasyo sa harap. P1,200 ang upa kada buwan. Dito, nakapagtindahan si Mama. Hindi gaya sa Kaypandan na mga tina, chlorox at maliliit na bagay lang ang kanyang tinda. Sa loob pa ng bahay. Inayos ni Papa ang labas ng bahay, naglagay ng mga rehas para sa tindahan. Maganda ang puwesto ng bahay dahil nasa bungad ito ng kanto, pangalawa sa hanay ng limang apartment. Bilyaran ang tapat nito, at ilang hakbang mula sa pangunahing kalsada.

Ang mga nagbibilyar at ang mga miron ang naging pangunahing mamimili sa tindahan, gayundin ang mga nagtatrabaho sa katabing pabrika, iyong sa tapat ng bibig kanto. Kinukuha naming magkakapatid ang mga bote sa bilyaran. Nagkakatambakan na roon ang mga bote ng Pop, Coke, Cheers, Pepsi. Ang mga ito at sigarilyo ang madalas bilhin ng mga nagbibilyar. Ang makita naming bote ay iniuwi namin sa amin. Hindi hamak na mas marami rin doong bata. Kaya mabiling-mabili ang mga tsitsirya at kendi.

Isa pang bagay, nakapag-alaga kami roon ng aso dahil hindi mahigpit ang may-ari. Anak ng Dalmatian at askal ang tutang iniuwi ni Papa, galing sa pabrika. Pinangalanan naming Tagpi.

Nagkaroon doon ng bagong mga kakilala at kaibigan ang mga magulang ko at kapatid. Sa kaso ko, halos bago ang lahat. Lalo na ang kultura.

Dati, si Mama lang ang sumusundo sa dalawa kong kapatid sa eskuwela dahil saglit na lakad lang iyon mula sa dating bahay. Sa aming nalipatan, sakay na ni Papa si Mama sa traysikel sa pagsundo sa kanila dahil malayo na kami sa paaralan. Maging si Mama ay napalayo sa palengke.

Sa mga lugar sa Canumay, ang Donesa ang pinakamababa, habang isa naman ang Kaypandan sa pinakamatataas. Minsang malakas ang ulan, sinuspinde ang klase namin sa hayskul. Natatandaan ko pa noon na halos sumampa na ang tubig sa sidecar ng traysikel na nasakyan namin, paglusong nito sa Donesa. Ito ang sinasabi nina Mama at Papa na dahilan kung bakit kami umalis sa Donesa. Pero hindi man nila sabihin, alam ko dahil nasa wastong gulang na ako noon, na bukod doon ay malaki rin ang kinalaman ng aming tindahan.

Natalo sa pagkakonsehal ng barangay ang may-ari ng bilyaran at ng malaking bahay na nasa likod niyon, kaya sa tabi ng bilyaran ay nagpatayo sila ng tindahan. Walang laban ang tindahan namin sa tindahan nila. Mas malaki ang kapital nila kaya hindi hamak na mas malusog ang kanilang tindahan, sa itsura ng mismong tindahan at sa mga panindang laman. Mas malapit din sila sa bungad ng kanto, lalo na sa bilyaran. At mahihiya siyempre ang mga nagbibilyar, lalo kung nakakautang sa bilyaran, na sa amin pa bumili. Idagdag pang Doneso sila, sa kanila bibili ang mga kamag-anak nila.

Nakahumigit-kumulang isang taon lang sila sa bahay na iyon. Ako, wala pang isang taon. Inalis ang mga bakal na rehas. At nabalik kami sa Kaypandan, kung saan nandoon ang nakitang apartment. Naging mas maluwig ang paglilipat dahil nakabili na kami ng owner type jeep nang nasa Doneso pa kami. Sa paglilipat, halatang ayaw magpaiwan ni Tagpi. Hindi nagpahuli sa pagsakay sa traysikel.

Kumpara sa dalawang nauna, hindi hamak na mas maluwig ang ikatlong apartment, ang kaisa-isang may partisyon ng kuwarto. Hindi naka-tiles ang banyo nito. May terasa ngunit hindi nakataas, kapantay lang ng kalsada. May espasyo pa sa harap na sinementuhan namin para mapagparadahan ng mumunti naming mga sasakyan. Masasabing sulit na ang mga ito para sa P2,000 renta kada buwan. Nakalulungkot nga lang na rasyon pa rin ang tubig.

Naging kapitbahay namin ang pinsan namin, si Ate Irene na pamangkin ni Papa. Dalawa ang kanyang anak, parehas nasa elementarya. Nang nasa Doneso pa kami, sa kanila ako nagpupunta kung may PE kami. Doon ako dinadalhan ni Mama ng baon at damit. Para hindi na ako uuwi. Sa tapat naman nila ay ang malayo naming kamag-anak sa panig ni Papa, at kababaryo namin sa Nueva Ecija. Malaki ang iginaan ng aking loob, lalo na marahil ng aking mga magulang, ang katotohanang may mga kapalagayan na agad kami sa aming nalipatan.

Pagkalipat na pagkalipat namin doon ay nilagnat ako. Hindi ko alam kung bakit. Higit isang linggo yata akong absent sa eskuwelahan. Ngayon, 'pag nagugunita ko ito, naiisip kong marahil bunga iyon ng lungkot sa paglipat ng bahay. At ng paninibago.

Sa kuwarto, habang nakahiga, madalas kong kutkutin ang naiwa't natuyong rugby sa dingding. May mga idinikit marahil sa dingding na

iyon ang pamilyang sinundan namin. Inalis ang mga nakadikit nang aalis na sila, at hindi na nagawang linisin ang mga naiwang marka. Parang glue iyon na naiwan sa palad. Kukutkutin ko iyon, at pag tungkab na ang dulo ay saka babatakin. O kung minsan, hinihilod kong parang libag. Naging parang libangan ko iyon at naging paraan para unti-unting mawala ang pagkapanibago sa bahay. Ngunit higit sa mga ito, isang bagay ang naiisip ko habang tinutungkab ko ang mga markang iyon. Na ganoon ang sa apartment lang nakatira. May dungis ang iyong daratnan, dungis na hindi naman ikaw ang may gawa. At lahat kayo ay mag-iiwan ng peklat sa apartment na inyong titirhan.

Sa bahay na iyon, nakapag-alaga ako ng tatlong kalapati. Ikinadena rin namin doon si Tagpi. Kalaunan, nabuntis siya at nanganak.

Mura lang ang kuryente namin doon. P300 lang kada buwan. Hindi namin iyon maipaliwanag kung bakit, ni ng mga kapitbahay. Lalo't nang lumipat kami roon ay hindi naman iyon ganoon kababa. Nagbiro nga si Ate Irene na sa amin daw siya makikipamlantsa. Ngunit sa kabila nito, nagtataka si Mama kung bakit hindi kami makaluwag-luwag sa pera. Naranasan namin ang halos walang-wala, ni pamalit sa mga sira naming tsinelas. Kay Mama, may mga bahay na kapag nandoon ka ay hindi ka giginhawa sa pera.

Malapit lang ang apartment na iyon sa una naming tinirhan, ngunit magkaiba ang nagrasyon ng tubig. Sa pagrasyon ay nakatuwaan naming magsasama, hanggang sa naging kaibigan namin ang nagrasyon, si Kuya Jon-jon.

Ang isang dram namin ay nasa labas, sa tabi ng gate, habang ang isa naman ay nasa loob, sa tapat ng pinto ng banyo. Para malagyan itong huli, pumapasok pa sa bahay ang katulong ni Kuya Jon-jon. Nababasa ang aming sahi at nailalantad ang kalinisan o karumihan ng aming bahay.

Bukod sa problemang pinansiyal, naging problema rin namin doon ang tsismisan ng mga kapitbahay. Sa kagipitan namin sa pera ay kinausap na kami ng tagapamahala ng bahay, at sinabing kung hindi raw mababayaran ang renta ay iwan na lang namin. Nag-usap noon sina Mama at Papa. Sinabi ni Papa na kung aalis kami ay bakit magbabayad pa kami. Sinabi naman ni Mama na iyon ang unang beses na aalis kami nang dahil hindi makabayad. Nakikita ko sa kanya ang hiya at awa sa sarili. Hanggang sa nagbayad nga kami ng isang buwang utang, bago lumipat. Ngunit pinagtsimisan pa rin kami ng mga kapitbahay. Umalis daw kami

dahil hindi na kami makabayad.

Tanda ko pa na noong papasok kami sa eskuwela ay itinuro sa akin ni John ang aming lilipatan. “Do’n tayo lilipat, Kuya, o.” Ang nakasarang pinto lang ang nakita ko. At naisip kong liit-liit naman.

Ang aming nalipatan ay nasa pagitan ng una at ikatlo naming tinirhan, ngunit nasa kabilang kalsada. Disyembre nang lumipat kami roon, nasa ikaapat na taon ako sa hayskul. Dahil malapit lang, paisa-isa, inilipat naming magkakapatid ang aming mga gamit. Iyong mga kaya naming buhatin. Tinulungan kami ng mga kalaro namin. Natutulog na rin kami roon kahit na hindi pa naililipat ang lahat ng gamit. Nang ang mga muwebles na ang ililipat, ang mga silya, aparador, TV, tumulong na ang mga lalaking kapitbahay. Isinusunod naman namin ang mga naiiwan sa bahay o ang mga nalalaglag mula sa kasangkapang binubuhat.

Noon, iniuwi na namin sa Nueva Ecija si Tagpi, gayundin ang owner na kalaunan ay naibenta sa aking tiyahin, kay Tita Ye.

Pito ang bahay sa compound na iyon. Magkaharap ang apat at may dalawa sa gitna. Ang sa amin ay pangatlo sa dalawang nasa kaliwa. Noong una nga, akala ko, iisa lang ang may-ari ng mga apartment. Dahil nasa iisang compound nga at pare-parehas pa ng disenyo. Ilang taon na kami roon nang malaman kong ang tatlong bahay lang palang magkakahanay, kasama ang sa amin, ang pagmamay-ari ng midwife na landlady. Sa kamag-anak nito ang sa natirang apat.

Magkapatid ang lalaki sa una at ikalawang apartment. Ang nasa una ang nakatatanda. Magsisingkuwenta anyos na ito at ang kanyang asawa, ngunit wala silang anak.

Sa paglipat namin, natuklasan kong may bahagi sa aking gunita ang compound na iyon. Sa isa sa mga apartment na iyon tumira ang tito ko, si Kuya Ulay, kapatid ni Mama, sumunod sa kanya. Tumira siya roon nang nasa unang bahay pa kami. Natatandaan kong nagpunta pa kami roon dati at pinainom ng juice. 2010, nasa ikaapat na apartment na kami, nang ma-stroke si Kuya Ulay, at sumakabilang buhay.

Mas maliit roon kaysa sa ikatlo naming tinirhan. Hindi rin tiles ang banyo, habang ang lababo ay para nang jig-saw puzzle. Isa-isa nang natatanggal ang maliliit na tile. Kaya maaaring sabihing ironya ang mas malaking renta. P2,300 kada buwan. At tulad ng sa mga nauna, rasyon pa rin ang tubig. Nang unang linggo nga, si Kuya Jon-jon pa ang nagrasyon

sa amin ng tubig. Hindi na pinabayaran. Parang simpleng paraan ng pagsasabing “Paalam, mag-iingat kayo.”

Sa compound na iyon, ang nalipatan namin ang pinakamalaki. May terasa ang limang bahay, ang dalawang nasa gitna lang ang wala. Ngunit sa limang bahay, ang sa amin lang ang may dagdag pang espasyo sa harap ng terasa. Puwedeng labahan o lutuan. Idagdag pang ang terasa rito ay terasa talaga, dahil may baitang at nakataas nang kaunti.

Noong una, planong sa terasa ilagay ang refrigerator. Pero sabi ni Mama, “Baka mam’ya, bumubula na’ng bibig mo kung d’yan mo ilalagay ‘yan.” Bukas na bukas kasi ang terasa, wala man lamang rehas. Meron ding bukas na bahagi ang pader papunta sa kabilang compound. Nagbibigay iyon sa amin ng liwanag at siya ring daanan ng malamig ng hangin. Ngunit hindi lang pala hangin ang dumadaan doon. Sa kuwento sa amin, may dumaan na raw dati roon. Magnanakaw ng manok sa kabilang compound. Dahil sa mga iyon, nilagyan ni Papa ng yero ang bahaging iyon. Dumilim tuloy at umalinsangan sa bahay. Lumakas ang konsumo namin sa ilaw at bentilador.

Kaming magkakapatid na ang pinakamatanda sa mga bata sa compound na iyon. Nang dumating kami roon ay dalawa lang sa mga kapitbahay ang may anak, at hindi pa nag-aaral ang isa. Kaya nga madalas sabihin ni Mama, “Gabi na, tayo na lang ang gising dito. Ang iingay n’yo.” Kung hapon at siesta, tahimik na tahimik sa compound. Naiisip ni Mama na hindi dapat malingat. Madaling makapasok ang magnanakaw.

Sa tulong ng lalaking nasa unang apartment, na isa palang karpintero, nalagyan ng rehas na kahoy ang tatlong bahay, matapos itong ikonsulta at pahintulutan ng landlady. Nilagyan din ng plastik na screen ang mga rehas, para sa higit na seguridad. Kaya dumilim lalo at uminit. Ngunit umaliwalas namin ang aming pakiramdam, lalo sa pagtulog kung gabi. Alam naming hindi kami malolooban ng magnanakaw. Ang gate naman ng compound ay isinasara, at hindi gayon kadalang mailabas ang aming traysikel.

Nakitira sa amin ang pinsan kong babae, si Jean, panganay ni Tita Ye. Nag-aral siya ng HRM sa University of Manila. Mama Ate ang tawag niya kay Mama, at Papa Tony kay Papa. Tumira siya sa amin nang nasa huling taon na ako sa kolehiyo sa PUP. Isang bagay ang madalas niyang sabihin, pabiro ang tono ngunit seryoso ang diwa. “Hala, Mama Ate, gagradweyt

na 'ko, aalis na 'ko rito 'pag nagtrabaho ako, hindi ko pa nae-experience maglipat ng bahay.” At matatawa kami. Maggagalit-galitan naman si Mama. “Akala mo ba’y gano’n lang kasimple’ng maglipat?”

Makalipas lang ang ilang taon, marami nang bata sa compound na iyon. Dalawang mag-asawa ang nagkaroon na ng anak, at ang dalawa pang bata ay nagkaroon na ng kapatid. Magulo na kapag hapon. May mga naghahabulan na at nag-iiyakan. Nakakatakot nga lang ang dalawa sa mga batang iyon, kay lulutong magmura. Hanggang sa ang bata sa kaharap nilang bahay, na pinsan din nila, ay parang chicharon na rin ang mga mura. Kay liit ng mundo sa lungsod, kay daling mahawa sa ugali ng mga kapitbahay.

Pangalawang taon namin sa bahay na iyon nang makapagpakabit kami ng linya ng tubig. Dalawang linya dahil dalawa ang may-ari. Isang linya ang sa amin na tatlong bahay. Ang nasa gitnang bahay ang humahawak ng pera, at ang kompyutasyon ay batay sa kung ilan ang nakatira sa bawat bahay. Pinakamarami ang sa amin, anim. Nalungkot nga lang si Mama dahil kahit ilang araw kaming wala at nasa Nueva Ecija ay ganoon pa rin ang singil sa amin, at ang nasa gitnang bahay ay kay lakas pa sa tubig. Araw-araw kung maglaba. Kaya sinabi naming magsasarili na kami ng metro, submeter. Pinalabas na lang na nahihiya kami sa dahilang napapalakas na kami ng gamit sa tubig.

'Pag papasok sa eskuwela, o sa trabaho, kalaunan, nag-aabang lang kami ng traysikel sa labas ng compound. Ngunit dahil madalas na hindi kami masakay, naglalakad pa kami hanggang sa kabilang kalye kung saan mas maraming traysikel na dumaraan. Kung minsan, naisasakay ako ni Lolo, iyong may-ari ng unang apartment na tinirhan namin. Nagtatraysikel na pala siya. Ang narinig ko lang kasi dati ay na nagigipit na sila sa pera. Ayokong nasasakay sa kanya, dahil hindi niya ako pinagbabayad. Pilit na isinasauli ang bayad ko. Hanggang minsan, natanong ko ang sarili ko. Paraan niya kaya iyon ng paghingi sa amin ng tawad, o pag-iwas sa usig ng konsensiya?

Higit limang taon na kami roon nang maging problema namin ang banyo. Malapit na itong maging barado. May mga pagkakataong pumupugak ito, at may kung anong duming lumalabas sa inodoro. Minsan, kung may dumurumi sa amin, saktong pupugak ito at tatalsik ang tubig. Biruan nga na dahil daw doon, umuurong ang tae ng kung sino mang tatae. Napagplanuhang ipasipsip iyon, sisingilin na lang sa may-ari ang

magagastos. Naisip ko naman na sa araw na iyon, kailangang wala ako sa bahay. Ayokong maamoy ang aalingasaw na baho. Gusto ko ring magtago sa kahihyan na ang amoy na iyon ay mula sa aming mga bituka.

Sa pang-anim na taon namin doon, naglabas ng motorsiklo si Ricky. Sa narerehasang espasyo iginagarahe. Doon din namin ipinalagay ang isang gripo nang magkalinya kami ng tubig. Nagpalagay rin kami roon ng lababo. Doon na lang kami naghuhugas ng pinggan dahil nagagalit ang mga tagakabilang compound. Sa kanila raw tumatambak ang aming mga mumo.

Nang mag-barangay election at nang lumabas ang resulta niyon, kinausap si Mama ng aming landlady. Sino raw ba ang ibinoto niyang kapitan? Nang malaman na hindi ang dala niyang kapitan ang ibinoto namin, maging ng nasa unang dalawang bahay, lahat kami ay pinaalis. Ano ba naman ang ilang boto, na hindi naman sanhi sa pagkatalo ng kanyang manok? Tandang-tanda ko pa ang sabi ni Papa. “Napakahirap mangupahan. Papaalisin ka kahit kelan nila gusto.” Naipayo kong ilapit namin iyon sa nakatataas ngunit sabi ni Papa, wala rin daw mangyayari. Pangangatawanan lang nito ang pagpapaayos sa nagbabarang banyo para maging dahilan.

Masama ang loob namin, at ng nasa unang dalawang bahay, nang magsilikas kami sa compound na iyon. Iyon ngang nasa unang apartment ay may iba pang himutok. Sila pa pala ang nagbayad ng kuryente ng sinundan nilang tumira roon. Hindi na raw binayaran sa kanila ng landlady. (Ang kuryente naman sa ikatlong apartment na aming tinirhan ay bigla raw nagmahal. Parang binabawi ang pagkamura nito sa kung ilang taon. Ang natiyempuhang nakatira roon ang sinisingil ng problema.)

Sina Mama at Papa ang naghanap ng aming malilipatan. Nang makakita na ay pinuntahan naming anim nang nakatraysikel. Sinuri namin ang loob at labas ng bahay, ang presyo at ang maliliit pang bagay na nakaugnay rito. Pumasok ako sa loob. Naluwangan ako. Pero naisip ko rin na sa sandaling mailatag namin doon ang lahat ng aming gamit, sisikip din iyon. Magmumukha muling apartment.

Bago kami lumipat doon ay pinabasbasan muna iyon. Nagtulog ng mga kandila at naglagay ng mga barya sa ilang sulok. Nagpunta si Dikong Omel, tito ko na nagpaplanong maging pastor, binasbasan ang aming lilipatan. Parang pagtitiwala sa bahay ng aming mga pangarap at buhay.

Gabi nang maglipat kami roon. Tumulong sa paglilipat ang mga tambay at ang ilang kapitbahay. Noon ko higit na nadama ang bigat ng

paglipat ng bahay. Hindi ako naging bahagi ng pag-alis sa unang bahay at wala namang gaanong emosyon ang sa ikalawa dahil isang taon lang kami roon. Habang ang sa dalawang sumunod ay magkalapit lamang. Ngunit iba ang sa sumunod. Walong taon kami sa ikaapat naming tinirhan. Saksi iyon sa pagtatapos ko sa hayskul, sa pagtungtong ko at pagtatapos sa kolehiyo, sa pagsisimulang magtrabaho at sa pag-alis sa ilang paaralan. Saksi iyon sa pag-abot ko sa maliliit na pangarap at sa paghabi sa higit na maraming pangarap. Batid ng bahay na iyon kung papaano ko natuklasan sa aking sarili kung ano ba talaga ang aking mga pangarap. Gaya ng pagiging guro at pagiging manunulat.

Pinakamahal ang naging upa namin sa ikalimang bahay. P3,000. Sabi nga ng matandang babaeng may-ari, “Pa’no ‘yan, mapapamahal kayo?” Pero sa amin, ayos lang. Ito naman ang pinakamaganda sa lahat. At marahil, tumataas din talaga ang renta sa mga bahay. Tulad ng pagtaas ng presyo ng lahat ng bilihin at ng hirap ng pagkakaroon ng sariling bahay.

Walo ang bahay sa aming nalipatan. Bakante ang sa pampito at pangwalo. Ang pangwalo dapat ang kukuhanin namin, dahil maganda ang puwesto. Walang gaanong maaabalang kapitbahay. Meron pang maliit na lote sa pagitan nito at ng pader ng katabing pabrika. Maaaring pahingahan o pag-ihawahan. Ngunit naitango na raw iyon sa iba. Nakatira na kami sa pampitong apartment nang mabalitaan naming hindi nagtuloy ang kukuha sana sa pangwalong apartment.

Magkakaiba ang laki ng walong apartment. Anim lang iyon noong una, ihinabol ang huling dalawa, na kaparehas ng ayos, ngunit higit na malaki. Kaya mas mahal ang upa. Kami ang unang tumira sa pampitong apartment, una sa karanasan namin sa pangungupahan. Malinis na malinis ang mga dingding na kulay krema na nagmukha nang puti dahil walang kabakas-bakas ng alikabok o kahit pa anong mantsa. Bago rin sa amin ang pagkakaroon ng inodoro na may toilet cover, at ng likod na bahagi ng bahay.

May terasa ang bahay, na mahirap muling matawag na terasa. Kalahating dipa ang lapad ng espasyong iyon. Katapat na katapat ng gate niyon ang pinto. Walang partisyon sa loob ngunit maganda ang istante at mga kabinet sa ilalim ng lababo. Sa tabi ng banyo ay may pinto papunta sa labas, na siyang nagsisilbing labahan. Mula roon ay maaaring makalipat papunta sa ibang mga apartment. Kalaunan, dito daraan ang kapitbahay

namin sa katabing apartment sa pag-aabot ng handa nilang pansit o spaghetti kung may okasyon.

Mababang pader ang nasa likod-bahay. Sa kabila niyon ay ibang lupa na, hindi mga apartment, kundi maliliit na bahay na kapapatayo pa lamang. Sa tapat ng likod-bahay namin ay wala pang nakatira, kaya pinakamaliwanag sa walong apartment. At pinakasariwa ang hangin. Sa harap ay malawak na bakanteng loteng kinatitindigan ng iba't ibang puno. May bayabas, katuray, mangga, saging, buko, kasoy at malunggay. Ang landlady rin ng apartment ang may-ari ng lupang iyon. At maaari raw kaming magtanim sa kanya-kanya naming tapat. Katunayan, may mga tanim na nga ang nasa mga unang bahay, may ilan pang may alagang itik. Sili, kamote at patola ang itinanim ni Papa. Magiliw niya iyong inaasikaso pagdating sa bahay. Alam kong tuwang-tuwa siya dahil bukod sa nalilibang at makatitipid kami, iyon ang unang tinirhan namin na makapagtanim kami ng gayon. Kay sarap isiping may mga taong hindi madamot, hindi mukhang-apartment.

Nang mamulaklak ang patola ay tuwang-tuwa kami. Kay ganda ng pagkadilaw ng mga ito na nagpapakitang-gilas kung hapon, lalo pa't iisipin na bunga ng tiyaga namin ang mga iyon. At nang maluto ang mga bunga nito ay gayon na lang ang galak namin. Iba ang linamnam ng gulay na bagong pitas, manamis-namis. Ng gulay na dinilig ng mga kamay mo ang nag-alaga.

Malaki ang naitipid namin sa kuryente dahil sa mga bakanteng lote. Tipid sa ilaw at bentilador. Iyon nga lang, labis na inalikabok ang aking mga aklat. Hindi naman makabili ng bagong salansanan, iyong may salamin, dahil wala nang magpalalagyan.

Ang pangunahing naging problema lang namin dito ay ang kawalan ng linya ng tubig. Balik sa dating sistema na de-rasyon. Katunayan, noong nakakailang araw pa nga lang kami ay naririnig ko na agad na maghahanap raw kami ng iba. Nahihirapan kami dahil nasanay na sa de-gripo. Nainis ako. Kalilipat lang ay lilipat na naman. Hindi naman madaling humanap ng malilipatan, ni maghakot ng gamit. Lalong hindi madaling mapanatag kapag nakalipat na. Ngunit naisip ko rin na napapamahal nga kami. Sa tubig pa lang ay umaabot na kami ng higit isang libo kada buwan. Kinausap nina Mama ang may-ari. Kinulit-kulit. Napag-usapan naman na iyon kahit noong hindi pa kami lumilipat. Na magpapakabit kami ng linya ng tubig, at kami muna ang magbabayad. Gaya ng sa inalisan namin. Hanggang

makalipas ang apat na buwan ay nagkalinya rin kami. Naging P300 na lang ang bayad namin sa tubig kada buwan.

Batid naming marami sa mga kapitbahay namin ang nainggit sa amin. Marami ang nagtanong kung maaari silang maki-submeter. Nalaman iyon ng may-ari at pinakiusapan kaming huwag pumayag. Ang anak niya ang nagrasyon ng tubig sa mga apartment. Pinayagan nga lang daw kami dahil may nauna nang usapan. Kaya binibigyan lang namin ng tubig ang mga kapitbahay kung hindi sila narasyunan. At kailangan din naming tanggapin ang pabeynte-beynte pesos nilang bayad. Batid kong dahil dito, sinasadya ng kung sino man, ang biglang pagkamatay ng tubig namin kung minsan. Pinipihit ang pihitan sa metro sa nasa gilid ng unang bahay.

Madalas din naming maisip na madali kaming manakawan, dahil nga sa ayos ng likod-bahay. Kaya kung gabi, sinisigurado naming naka-lock ang seradura sa pinto sa likod. At kung aalis naman at isasarado ang bahay, ang mahahalagang bagay gaya ng laptop ay itinatago pa namin sa loob ng mga aparador.

Bagama't maliit na bagay lang, perhuwisyo rin sa amin ang dulot ng katabing pabrika. Mababa lang ang parang sigarilyo nito na nagbubuga ng itim na itim at kay bahong usok. Bumababa ang usok na iyon at kumakapit sa mga damit na nakasampay sa labas. Nagkakaroon ng parang iwinisik na tinta ang mga puting sando at brief. Ilang ulit na raw iyong inireklamo, pero walang nangyayari.

Pag-alis namin sa apartment ng midwife na landlady ay kinuha naming mga nangupahan sa tatlong bahay ang mga kahoy na inilagay gamit. At ang sabi raw ng landlady, binaboy ang bahay niya.

Nang mag-birthday ang bunsong anak ng nasa gitnang bahay ay imbitado kami. Gabi kami pumunta, at nakita namin ang bago nilang tirahan. Katabi nila ang dating nasa unang bahay. Hindi kanila ang bahay, pero hindi sila nangungupahan. Isang lupa na pagmamay-ari ng kapitang dinala nila at natalo nga, ipinagamit muna sa kanila. Pumayag na patayuan nila ng bahay. Sa salu-salong iyon, napagkuwentuhan ang midwife. Lahat pala sila ay iniawasan nito tuwing nakakasalubong nila. Hiyang-hiya sa inasal.

Pumasok ako sa bahay ng dati ay nasa unang bahay. Naroon ang retrato nila sa kasal. Nakatutuwa ang tamis ng kanilang pag-iibigan. Kahit hindi sila nabiyayaan ng anak.

Masaya kami sa munting salu-salong iyon. Nakakatuwa na maski papaano, nananatili rin ang magandang samahan, paglayuin man ng distansiya at salimuot ng pangungupahan.

Nagpapasalamat ako na hindi pinatayuan ng apartment ang bakanteng lote sa harapan namin. Maaliwalas sa amin at nayayakap kami ng sariwang hangin. Minsan nga, kung gabi, may nakikita pa akong paisa-isang alitaptap sa kadawagan ng mga dahon. Nakalulungkot nga lang na mapapatayuan na ang nasa likod-bahay. Didilim na sa aming likuran at wala nang madaraan ang hangin. Unti-unti ko nang mararamdamang nasa lungsod nga ako, at wala sa probinsiya na gaya ng madalas kong pretensiyon.

Napakasikip na sa NCR, sa sobrang dami ng tao. Paliwanag ni Papa, hindi raw kasi makapagbigay ng trabaho sa probinsiya ang gobyerno, kaya nagsisiksikan sa NCR ang mga tao. Pero sa sikip nito, hindi hamak na mas masikip pa rin sa lugar ng mga nangungupahan.

Madalas maging problema ni Papa at ni Ricky ang paggagarahe sa traysikel at motorsiklo. Hindi sila makaraan dahil sa walang pakialam na mga kapitbahay. Hindi man lang maisip na gumilid-gilid man lang sa mga gabing nag-iinuman sila. May mga umaga namang sina Mama at Jean ang namumroblema. Naglaba kasi ang kapitbahay, at inangkin ang lahat ng sampayan. May isang gabi namang may narinig akong kaluskos sa kusina. Binuksan ko ang kabinet sa ilalim ng lababo, sa pag-aakalang may daga. Ilang saglit lang, narinig kong muli ang kaluskos. At napagtanto kong galing pala iyon sa kabilang bahay. Nalimutan kong sa mga nangungupahan nga pala, ang salitang “kapitbahay” ay literal na kapitbahay. Parang mga kuwarta sa motel.

Nang mga unang buwan namin sa ikalimang apartment, napapatingin pa rin ako ‘pag nasa traysikelan ako at sasabihin ng dispatser na, “Kaypandan, o. Kaypandan.” Pagkatapos, may kung anong hiwaga akong madarama sa isiping hindi na nga pala kami roon nakatira. At kung madaraan ang kantong iyon, napapalingon ako. May kurot akong nadarama habang nakatingin sa eskinitang ilang taon kong dinaraan at pinaghihintayan ng traysikel.

Minsan, 'pag nag-iiba ng ruta ang nasakyan kong traysikel o kung kay Papa ako nakasakay at sa Kaypandan ang ihahatid niyang mga pasahero, nakikita ko ang dati naming tirahan. Nagulat ako nang muli ko itong makita. Iba na ang kulay ng dingding nito. Kulay lila na, parang mga bulaklak sa hardin. Nakatatawa, pero naisip kong nagbago ang bihis ng bahay na iyon nang hindi man lang kami inabisuhan. Sa tagal ng pagtira namin doon, nagkaroon na ako ng pakiramdam na amin iyon. Na dapat, hihingin ang pahintulot namin sa anumang gagawing pagbabago.

Pero kahit pala matagal ka nang wala sa isang lugar, may mga pagkakataong sariwang-sariwa pa rin ang mga gunita. Na parang noong isang linggo lang naganap ang lahat. Gayon ang nararamdaman ko kung minsan, 'pag nakikita ko ang apat na bahay na aming tinirhan. Parang noong isang linggo lang, doon pa kami nanananghalian, naghahapunan, gumigising, nangangarap.

Dalawang pamilya ang nakatira sa likod-bahay nina Nanay, ang kay Tita Ye, at ang kay Dikong Omel. Naitatanong nga ng ilan, bakit daw si Mama na panganay ang siya pang walang nakuhang lupa sa likod-bahay. Sa salaysay ni Mama, akala raw niya ay maliit lang ang lupang kinatitirikan ng bahay ni Dikong Omel. Kaya hindi niya kinuha. Naisip ko naman na mas mainam din naman ang kinahinatnan namin. Mura lang naman ang lupa sa Nueva Ecija, at hindi hamak na mas maginhawa ang sinapit nina Mama at Papa sa pagpapaaral sa aming tatlo sa mga pampublikong pamantasan sa Maynila. Dahil mas malapit at mas mababa ang matrikula.

Ilang dating kaklase noong hayskul ang nakatira malapit sa ikalima naming tirahan. Nang una ko silang makita, umiwas agad ako. Ayokong matanong nila kung bakit nandoon ako, at ayokong malaman nila na doon na kami nakatira. Kakambal noon ang tanong na nakabili ba kami ng lupa roon. Kasunod naman niyon ang pagkatuklas sa katotohanang nangungupahan lang kami. Maging kapag nasa traysikelan, mahina lang ang banggit ko sa Hercules, sa kalyeng pinagbabaaan ko. Ayokong malaman ng kaklaseng nakasabay roon na nasa ibang barangay na kami.

Ngunit lalo akong nalulungkot pag nakakasabay ko sa traysikelan ang mga dating kapitbahay, at sasabihin nila sa dispatser na “Phase 2” o “Phase 1.” Sa lugar na iyon nakapagpatayo ng bahay ang maraming taga-

Lingunan at Canumay. Naiinggit ako na sila na mga dating nangungupahan lang ay may sarili ng bahay. Naiinggit ako kahit pa alam kong hinuhulugan pa rin naman iyon. Ngunit pinapatay ko ang inggit na iyon, ginagawang pampalakas ng loob. Kung nagawa nila ay bakit hindi namin magagawa?

Isang pagkakataon noong bata pa ako ang madalas kong magunita. Nasa dyip kami noon, ipinagyabang kong tatlo ang bahay namin. Ang nasa Valenzuela, ang sa mga magulang ni Papa sa Gapan, at iyon ngang kina Nanay at Tatay, sa Peñaranda, Nueva Ecija. Sumagot si Tatay na siyang tsuper ng dyip. “E wala nga kayong bahay.” At nakaramdam ako ng pagkapahiya.

Marahil, kung ngayon ako masasabihan ng gayon, o ng halos gayong pahayag, higit na pagkapahiya ang mararamdaman ko. Madalas ko ngang marinig sa isip ko ang sinabi sa akin ni Jean. Ilang taon na raw ako, at ilang taon nang nasa Valenzuela sina Mama at Papa, pero hanggang ngayon, wala pa rin silang bahay. Hindi nangungutya ang tono ni Jean, kundi nagmamalasakit. Sabi niya, dapat daw, matulungan kong magkabahay sina Mama at Papa. Madalas ko ngang maisip na hindi na ako bata, na ilang taon na lang, magkakaroon na ako ng sarili kong pamilya. Maaaring sa apartment ko rin itira ang mapapangasawa ko. Mahirap man iyong tanggapin ay matatanggap ko pa rin. Ngunit hindi ang pag-alis sa tinitirhan namin at pag-iwan sa aking mga magulang na sa apartment pa rin nakatira. Pagpapalakas-loob nga nila sa amin at sa kanilang sarili, nang lumipat kami sa ikalimang apartment, “Pag-alis natin dito, ‘yung susunod nating titirhan, bahay na talaga natin ‘yon.”

Napapalakpak kami. Lumakas ang loob ko. Ngunit muling humina, parang apoy sa kandila na dinuraan, matapos kong marinig ang halaga ng mga lupa at ng pagtatayo ng bahay, at tuwing naririnig ko sa mga balita sa TV ang buwan-buwang pagtataas ng presyo ng halos lahat na yata ng produkto.

Ayokong nagpi-fill out ng form, dahil wala akong mailagay sa patlang sa “permanent address.” Nalulungkot din ako kapag nakikita ko sa luma kong mga ID na iba ang address dito sa kasalukuyan naming address. Sa ilang taon ko sa lungsod at sa pagpunta sa bahay ng ilang mga katrabaho, kaklase at mga naging estudyante, labis ang inggit ko pag napupunta ako sa bahay na sila ang may-ari.

Ilang araw naming napag-usapan ang muling pagbili ng owner. Si Papa ang mapilit. Panay naman ang pilit namin ni Ricky na kotse na lang, nang iba sa dati at may aircon. At ang sagot ni Mama, “Magkokotse kayo, e nag-a-apartment nga lang tayo.” Nakuha ko. Ironya nga naman na may sasakyan kami ngunit walang sariling bahay. Naging sukatan ko ng estado sa lipunan ang pagkakaroon ng sariling bahay. Pangarap kong magkaroon ng sariling kuwarto at ng silid-aklatan kung saan ko ilalagay ang aking mga aklat at kung saan ako makapagsusulat at makapag-aaral, pero ni maliit na bahay na sariling amin, wala kami. Ito marahil ang dahilan kung bakit pag nalalaman ng iba na nangungupahan lang kami ay idinurugtong ko, “Nasa Nueva ‘yung bahay namin.”

Nang nasa Doneso pa kami, may naging kaibigan ang dalawa kong kapatid. Kaedad lang din nila halos. At tulad namin, nangungupahan lang din sila. Naging kalaro nila ito sa basketbol, bang-sak, bilyar at habulan. Minsan, nabanggit ni John, noong matagal na kami sa ikaapat na apartment, na nakita niya ang batang iyon, na binatilyo na nga. Parang hindi na raw siya kilala.

Hindi lang sa trabaho, o sa buhay bilang kabuuan, makikita ang kasabihang dumarating at umaalis ang mga tao. Literal itong nangyayari sa mga nangungupahan. Nakaiinggit ang mga may sariling bahay. Nakikita nila ang pagbabago sa kapaligiran ng kanilang tinitirhan. Ang pagbabago ng kalsada, pagdalang ng mga puno, pagdami ng mga bahay. At mas manipis ang hibla ng lungkot na darapo sa kanila, dahil hindi sila nang-iiwan, maaari lang silang iwan.

Pero higit kong ikinaiinggit sa mga may sariling bahay ang katotohanang nakapag-ipon sila ng mga alaala kasama ang bahay nila. May mga retrato sila roon. Habang ang sa amin ay sa iba’t ibang bahay. Nakita nila ang pagbabago ng itsura ng kanilang bahay, mula sa renobasyon hanggang sa pagkaluma ng mga dingding at bubong. Naidokumento nila iyon sa mga retrato at sa kanilang gunita. Maisasalaysay nila sa mga bisita na hindi ganoon ang dating itsura ng kanilang kusina, o kuwarto, o sala. Na dati ay hindi dalawang palapag ang bahay nila. Pero kami, wala. Ni wala kaming karapatan sa renobasyon ng aming tinitirhan. May tahanan sila. Ang sa amin ay bahay lang. Maipagmamalaki rin nila sa kanilang mga magiging anak na ang silid-tulugan ng mga ito ang dati nilang kuwarto. Ang sa amin, sa gunita lang naiiwan ang lahat. Kasama ng naipong mga sugat.

Nang magbeynte kuwatro anyos ako, nang higit kong mapagtanto ang kadamutan ng lipunan, dumalas ang mga pag-uusap namin ni Papa tungkol sa pagbili ng lupa at pagkakaroon ng sariling bahay. Nabanggit ko sa kanya ang kagustuhan kong sa suburb na lang bumili ng lupa, sa mga lugar na nasa labas ng NCR, gaya ng Meycauayan at Sta. Maria, Bulacan. Hindi hamak na mas mura ang lupa roon. P7,000 na ang kada square meter sa Valenzuela, P1,500 lang ang sa Sta. Maria. Kailangang malapit lang sa trabaho ang aming tirahan. Ang mga lupa rin doon ang magmamahal, kalaunan. Dahil nga hindi na magkasya sa NCR ang mga tao. Palaki nang palaki ang bilog na kanilang ginagalawan. Ang pangarap naman ni Papa ay makabili ng kahit na maliit na lupa lang, at makapagpatayo ng munting bahay. Basta iyong matitirhan. Nang hindi na kami nagbabayad buwan-buwan, liban sa aming balanse. At siyempre, hindi na niya kailangang sabihin, nang makapagsimula na kami sa pag-iipon ng mga alaala.

Marso 2015, nakapagtapos na ng kolehiyo si John. Wala nang pinag-aalar sina Mama at Papa. Higit na ang kislap sa kanilang mga mata. At alam ko, hindi man kami mag-usap-usap, naniniwala kaming higit nang malaki ang posibilidad na magkaroon kami ng sariling bahay.

Hindi nga siguro maliit na trabaho ang pagkakaroon ng sariling bahay, lalo't wala naman kaming pera sa bangko o malalaking ari-arian na maibebenta. Pero hindi rin naman simple ang pinagdaanan namin sa higit dalawang dekadang pangungupahan. Nagawa namin doong magtulong-tulong, magagawa ulit namin ngayon. Naniniwala akong magkakaroon na kami ng sariling lupa at bahay. Magkakaroon na ng munting tindahan si Mama. At makakapagsabit na kami sa dingding sa sala ng aming diploma, ng mga retrato namin noong magsipagtapos kami sa kolehiyo at ng mga retrato namin na magsisilbing dokumento sa unti-unting pag-iiba ng ayos ng aming tahanan. Kahit saka na ang ikalawang palapag ng bahay, ang mga kuwarta at ang pangarap kong silid-aklatan. Makipaghihintay ang mga iyon. Ang mahalaga ay ang katiyakan na nagsisimula na kami sa pag-iipon ng mga gunita, na hindi namin iiwan para muling mag-iipon ng bago. Mga gunita na lumipas man ang ilang taon ay nasa amin pa rin. Kapiling ang tahanan na dokumento ng matatag naming pamilya.

Sa Tuktok ng Puno ang Nais Ko

Allan Popa

Ang pag-akyat ng punongkahoy ang isa sa pinakamatingkad kong alaala ng tag-init. Kahit na ako ang pinakapayat sa aming magkakalaro noon, napilitan akong makipagsabayan sa kanila sa pagsampa sa puno at paghanap ng maaapakang uka o makakapitang umbok upang maiangat ang sarili ng mahihinang bisig at binti. Sa simula, ako lagi ang naiiwan sa ibaba dahil sa takot kong mahulog. Umasa lamang ako sa kanilang limos o naging tagasalo ng prutas na hindi na nila kayang ubusin habang nasa itaas. Sadyang nakababagot ang maghintay at tumingala sa kanila habang nag-uunahan sila sa pagpitas ng bunga ng aratiles, santol, duhat at manggang hilaw. Minsan, nananadya pa silang magtagal. Para akong taya na nakababad sa base habang nagpapahangin sila o umiidlip sa malalaking sanga pagkatapos kumain.

Kaya naman isang araw, nagpasya akong aralin na rin ang pag-akyat ng puno kahit kabado talaga ako sa matataas na lugar. Kung hindi ko ito sinubukan, marami sana akong ligayang napalampas. Tulad halimbawa ng pagkakatagpo ng pugad ng ibon o di kaya ang magdikit ng patibong sa matataas na sanga upang makahuli ng ibon. Iba nga naman ang tanawin kung nasa ibabaw ka ng lahat lalo pa't nangangawit ang leeg ng bata sa pagtingala sa mga nakatatanda. Kahit pa karaniwan akong napagsasabihan ng aking Nanay dahil umuuwi akong madagta ang damit o umiiyak dahil may bagong sugat sa tuhod, masasabi kong nalubos ko ang bawat sandali ng panahong kinasabikan.

Karaniwang naiuugnay ang masasayang alaala ng kabataan sa tag-init. Hinahatak ng bawat mag-aaral ang mga araw upang mapabilis ang pagdating ng mahabang bakasyon. Bukod sa pamamahinga sa aralin, panahon ito ng paglalakbay, pamumulaklak, pamumunga, anihan, at pagdiriwang. Kaya naman balat-kalabaw lamang siguro ang kayang magbulag-bulagan sa kasaganaan at kulay na hatid nito sa ating pandama.

Ngunit paglaon, habang inilalayo ako ng edad sa paglalaro, wari bang iisang puno lamang ang nalabi sa isip ko. Wari bang sa lahat ng tag-init, iisa lamang ang inakyat ko. Marahil iisa ang kaligayahang nadama sa mga bakasyong iyon kaya't sapat nang maiwan sa alaala ang iisang puno ng duhat sa tapat ng aming bahay upang kumatawan sa magkakatulad na karanasan. Sa tuktok noon, ginaya namin ang mala-unggoy na paglalambitin ni Jojo. Doon kami nagbatuhan ng mga buto ng duhat. Doon kami nagkuta nina Jonatahan at Pepen habang nag-uusap kung ano ang susunod na pagkakaabalahan sa mga hapon ng tag-init na parang walang katapusan. Doon, waring nababalutan ng ginintuang liwanag ang larawan habang umiihip ang sariwang hangin. Waring hindi totoo. Doon, kung saan nagtali ng duyan si Aldrin.

Lagi't laging may kasalungat na timbang ang larawan ng punong ito sa isipan ko, isang alaala na sagana sa anino na para bang nananatili pa rin ako sa ibaba at tumitingala sa pagitan ng mga sanga at luntian kung ano nga ba nagaganap sa itaas habang nagtatawanan ang aking mga kaibigan. Nang una kong mabasa ang tulang "First Death in Nova Scotia" ni Elizabeth Bishop, nanariwa sa akin ang unang pagkakataong nawari ko ang katotohanan ng kamatayan: aralin sa tag-init na nananatiling matingkad. Katulad ng batang persona sa tulang iyon na tumutunghay sa kabaong ng munti niyang pinsang si Arthur, alam kong maraming katanungan ang namuo sa isip ko noon.

Sa pagkakaala ko, may kaputian si Oliver, bilugan ang mukha at malusog. Kasunod ko siya lagi sa pila noong nasa Kinder kami dahil magkasunod ang aming mga apelyido sa bandang dulo ng listahan ng mga mag-aaral. Katabi ko siya ng upuan dahil isa siya sa mga una kong naging kaibigan sa eskuwela. Tuwing tatawagin kami ng aming guro upang magkuwento sa harapan ng klase, sabay naming kukunin ang aming mga upuang unan. Magkatabi rin ang aming kabinet na nilalagyan ng baso at sipilyo. Kapag reses, magkasunod kami muling pumila sa bintana ng

tindahan ni Tiya Luding at nakatiyad na iaabot ang baryang baong pambili ng delimon, karne-karne, Cheese Curls, o Baltik. Kung uwian na, habang kumakaway at sabayang kinakanta ng klase ang “Paalam na sa iyo/ paalam na sa iyo/ Bukas babalik...” sabay kaming unti-unting naglalakad papunta sa pinto at sa naghihintay na laro.

Teks. Holen. Goma. Siyato. Piko. Patintero. Taguan. Agawan-base. Langit, Lupa, Impiyerno. Hindi ko alam kung paano nagpapalit ang mga usong laro sa buong taon, kung may sinusundan bang kalendaryo o kung may nagpapauso ba sa pana-panahon. Alam ko lamang na kalaro ko siya lagi dahil kapuwa kami hindi makasabay sa mas malalakas at aktibo naming mga kaklase. Kalaro ko siya hanggang sunduin siya ng tatay niya at iaangkas sa harapan ng motorsiklo. Bagamat wala akong matandaang pinag-usapan alam kong malapit siya sa akin noon. Marahil, nakakatulong ang mga unang kaibigang tulad niya sa paghahanda mula sa kaligtasan ng tahanan patungo sa kalakhan ng mundo.

Tulad ng ordinaryong bata, nakikinig ako minsan sa pabulong na usapan ng aking mga magulang bago bumangon o habang nagkakape sa madaling-araw. Bilang bunso, natutulog pa ako noon sa pagitan ng aking nanay at tatay. Tag-init noon, matapos ang aming graduation sa Senior Kinder. Tandang-tanda kong nabanggit nila ang pagkamatay ni Oliver. Bronchitis. Napuno raw ng plema ang baga at hindi ito nakahinga.

Sakitin akong bata noon kaya’t madalas lumiban sa klase. Alam ko ang pasakit ng pagkakasakit. Alam ko ang tigatlong oras na paggising sa akin ng nanay ko upang kumain nang kaunti, lugaw o tinapay, bago pilinging uminom ng gamot na napakapait. Alam ko kung paano mawalan ng panlasa. Alam ko kung paano manginig sa ilalim ng sapin-saping kumot upang pagpawisan. Alam ko ang pakiramdam ng thermometer sa mainit na kili-kili. Alam ko ang pagbabanyos ng katawan sa maligamgam na tubig. Alam ko ang takot sa harap ng albuaryong hihilot sa aking bali. Ang pagsusulat ng reseta ng doktor. Ang tusok ng karayom. Alam ko ang pagdedeliryo. Alam ko ang hirap ng paghahabol ng hininga kapag may ubo’t sipon. Ang hirap ng paghahabol sa mga napalampas na aralin. Alam ko kung paano ang maghabol. Ngunit hindi ko alam kung paano ba ang mamatay. Bago ang araw na iyon, wala rin akong matandaang malapit na tao o alaga man na namatay.

Dinala ako kinagabihan ng aking nanay sa burol ni Oliver. Naroon ang ilan sa aking mga kaklase. Mahina kung mag-usap ang matatanda, waring may mga bagay na ayaw nilang iparinig sa amin. Napakaseryoso ng lahat. Napakakulimlim ng mga ilaw. Gustuhin man naming maglaro upang makalabas sa silid na iyon, waring walang gustong gumambala sa taimtim na paligid, waring nag-iba ang dilim sa labas. Hindi ko siya tinunghayan sa loob ng puting kabaong ngunit alam kong naroon siya. Nakapatong sa ibabaw nito ang kayang larawan, nakangiti. Hindi mailalarawan ang nanghihinang pagtangis ng kanyang ina. Waring walang makalalapit sa katahimikan ng kanyang ama.

Naroon kaming lahat na magkakaklase sa araw ng kanyang libing. Natatandaan kong nakaputi kaming lahat at nakapin sa aming dibdib ang itim na mga laso. Walang nais magtuksuhan. Walang biruan. Walang larong napasisimulan. Walang nagtatakbuhan. Wala rin sa aming umiyak, sa pagkakatanda ko, maging ako. Paano itatangis ang hindi mo pa maunawaan? Ngunit noon ko nakita ang katotohanan ng sakit na iniwan ng kanyang kamatayan sa mga kapamilyang buong katawan ang nagdadalamahati. Masunurin kaming humanay sa likod ng kanyang karosa.

Lumipas ang tag-init na iyon at sa unang araw ng pasukan sa unang baitang, hindi na siya tinawag ng aming guro. Wala na siya sa aming mesa. Wala na rin siya sa likuran ko sa tuwing pinapapapila. Hindi ko na siya kasama sa pagpunta sa tindahan ni Tiya Luding. Hindi ko na siya makalaro sa anumang napapanahong laro. Nais ko siyang lingunin bagamat alam kong puwang na lamang ang sumusunod sa akin saan man ako magpunta.

Isang hapon, sa aming silid-aralan, may puting panyo na natagpuan ang pinakapilyo sa aming magkakaklase, si Michael. Sabi niya sa amin, kay Oliver daw ito. Natakot kaming lahat at nagtakbuhan. Walang nais na madampian ng sedang tela habang ibinabato ni Michael paikot sa amin. Walang nais dumampot. Kabado kaming lahat. Ngunit pagkaraan naging laro ito na nagpatawa sa aming lahat. Pinagpasa-pasahan namin ang panyo. Waring may naipong pagkabalisa na noon lamang napakawalan. Waring ito ang naging paraan namin upang punan ang kawalan, upang sagutin ang mga nakabiting tanong.

Sayaw ng Puting Panyo

Alinsunod sa *Before Summer Rain* ni Rainer Maria Rilke

Bigla, mula kung saan, nahablot
ang puting-puting panyo at nabasag
ng tili ang katahimikan. Nasimulan
ang larong pasahan sa nakabiting

alinsangan ng paghihintay ng ulan.
Unang araw ng pasukan sa unang
baytang. Pagtatapos ng mahabang
tag-init ng pagsasaksi sa unang

kaibigang inihatid sa hukay. Waring
batid ng lahat ang kawalang pinupunan,
habang tila mariposang dumadapo't

lumilipad sa mumunting mga palad
ang pamahid-luhang takot dampian,
isang hapong kabado ang tawanan.

Malapit ang nitso ni Oliver sa mga libingan ng aking kamag-anak kaya't tuwing Undas nakikita ko ang kanyang dalawang kapatid na babae, lumalaki at nagkakagulang habang nililinis ang kanyang pangalan sa lapida, naghahatid ng mga bulaklak at nagtitirik ng kandila sa munting nitso ni Oliver. Hindi ko sila kailanman nakausap tungkol sa aking kaibigan. Tahimik lamang akong nagbilang ng mga luha ng kandila sa aking palad, palipat-lipat sa mga nitso ng aking kamag-anak na isa-isa ko nang nasaksihang namatay. Mula sa aking mahal na lola, hanggang sa mga tiyo at tiya. Alam ko na kung bakit kailangang umiyak sa pagkamatay ng mahal sa buhay. Napakaliwanag ng sementeryo tuwing Araw ng mga Patay. Ginintuan ang liwanag na bumabalot. Waring hindi totoo ang alaala nito.

A.

Rolando B. Tolentino

para kay JM

26 Oktubre 1998, Hardin ng Rosas

Tahimik siyang dumating sa buhay, tulad ng di inaasahang regalo. Tahimik din kaya siyang aalis, na sa aking pagpikit at muling pagdilal, tanging imahen ng kanyang maamong mukha ang unti-unting naglalaho. Pinapasok niya ako sa kanyang buhay, isang bahagi man lang nito gayong sa akin, buong-buo ko siyang pinatuloy. Sana'y maalimpungatan ang panahon at makalimutan ang oras ng pag-alis. Pero sadyang ganito ang mga tahimik na pagdating. Di naalimpungatang narito't nag-aantay na. Ayaw kong magwakas ang katahimikan at kasiyahang dulot nito, na sa unang pagkakataon ay sabayang dumating. Sabayan ding aalis nang walang pamamaalam.

Pinatuloy ko siya sa panahong walang gustong tumuloy at panandalian lamang mamalagi. Sadyang mailap ang mga bisita, lalo na kapag umaasang may dumating. May maririnig na mga yapak, may katok sa pinto, may kaskas ng sapatos na pinupunas sa basahan, may ngiting bitbit sa bukana ng pagkakataon. Mailap din pala ang pagnanasang manatili ang isang pinapasok – pinagkape't miryenda, pinaghahanda ng hapunang maaring hindi naman makasalo. Kahit anong sandali, maaring mamaalam. Hindi mapipigilan, hindi mapapakiusapang maglaan pa ng sandali. Nararamdaman niya ang ganitong pagnanasa, at lalong napapabilis ang kanyang pagnanais makaalis at maglaho. Siya'y tila isang lumalabong nilalang, tila maglalaho anumang saglit. Mabigat mamaalam, lalo na't walang katiyakan ang pagbabalik.

Pinapasok ko siya sa panahong gusto kong magpatuloy sa aking buhay, sa yugtong gusto kong muling mabuhay. Akala ko'y alam ko na ang lahat na dapat matutunan para mabuhay. Ito ba ang buhay? Ang magkaroon ng natatanging lakas sa pangungulila para sa isang iglap na nilalang? Bakit nangungulila gayong naririto naman siya? Bakit tiyak ang iyong paglisan? Nangungulila ako sa iyong tiyak na paglisan. Nangungulila ako sa napipinto kong muli na namang pag-iisa. Nangungulila ako sa aking pangungulila.

Clubs. One hanggang nine, three by three ang mga hanay. Instruksyon: Gawing suma total ang 15 sa tatlo-tatlong cards—pahalang, pababa, palihis, pataas. Dalhin ang mga numero sa isang tiyak na antas. At kami'y walang kapagurang isinakatuparan ang kahilingan. Sa pagitan ng pagsasaayos ng bilang, may naisip ako. Bakit ako, tila walang katiyakan pa rin itong sinasambit na katiyakan? Matapos ng mahabang pagpupursigi, kahit ayaw namin ng ganitong bonding, ay inialay namin ang kasagutan.

Bigla-bigla'y may bagong kahilingan. Tulad ng unang batas, ang mga sumunod na hugis ang pinahulaan, may mga tiyak na kasagutan. Wala ang mga sagot sa aking utak, nakatutok sa pagresolba ng mga paulit-ulit na mga numero. Hanggang sa lamunin kami ng numero't hugis, hanggang sa dumating ang oras na mamaalam na. Pero pinagbigyan mo kami, mamamaalam lamang matapos ang isang maagang almusalan ng sopas. Palipas-gutom, palipas-lamig sa parating na bagyo.

Umibis ka ng sasakyan, nagpasalamatán tayo sa oras na nagtagpo't nagkasama. At nagsimula ang pangungulilang tanging ako lamang ang umuunawa. Ang regalong dumating at hindi inaasahan ay bigla ring aalis nang hindi inaasahan. Bubuntong-hininga ako nang malalim. Ang regalong hindi inaasahang dumating ay kaagad na namang naglaho. Magpapasalamat sa pagkakataon na makadaupampalad. Magpapasalamat sa mga hugis at numero. At nagsimula nang mapang-abot sa akin ang pangungulila, tiyak ang kawalan-katiyakan.

1 Nobyembre 1998, Quezon Memorial Circle

Narinig ko sa radyo, habang papunta sa bahay ng kapatid ko sa Welcome Rotonda dahil wala naman iba pang imbitasyong dumating. Gayong may nangakong tatawag para mag-inuman. Naalaala ko kaninang

madaling-araw, habang sapilitan kitang inihahatid sa Philcoa, para kang bata sa pagbigkas ng kung ano-ano: “Magdra-drive ako hanggang...” “Para tayong nasa buwan sa pag-ikot dito.” “Ano kaya ang hitsura natin mula sa space habang umiikot tayo sa Circle?”

Ngayong hapon, sa pagtungo ko sa Welcome, narinig ko ang ilang salita mula sa isang kanta: “All that shimmers in this world is sure to fade.”

2 Nobyembre 1998, Hardin ng Rosas

Sa aking panaginip, madadatnan kitang nakatungo ang iyong ulo sa hita’t nag-aantay, sa loob ng tatlong oras sa baitang ng hagdang pinakamalapit sa pintuan ng bahay; mapupungay ang iyong mga mata’t maamong ipapadantay ang iyong buhok at mukha sa aking kamay na kanina’y may bitbit na bag ng groseriya; hindi ka iimik, nakapikit na sinasalat ng iyong mukha ang aking palad.

Sa aking panaginip, darating ka habang lumalamig ang bagong lutong walnut brownies; magkakape tayo’t magkukwentuhan tungkol sa kung anu-ano – mga palaisipan, mga biro, mga pasaling at patama; magkukwentuhan tayo tungkol sa kung anu-ano maliban sa dapat sigurong pag-usapan; at lilipas ang oras na parang namalikhata lamang tayo; lilipas ang oras at hindi ka magmamadaling magpapaalam.

Sa aking panaginip, yayayain mo akong tumabi’t dumantay sa iyong hapon katawan; yayakapin kita’t hahalikan na parang sanggol na nangangailangan ng pagmamahal; hahayaan mong mabasa ko ang iyong mga panaginip, mapakinggan ang alingangaw sa tibok ng iyong puso; ako ang magmamatyag habang ikaw ay nahihimbing; iduduyan ka ng yapos at dampi ko sa bilog na buwan at maririkit na bituin, ng mga alon at kabibe, ng pagliliwanag matapos ang matagal at malungkot na kadiliman.

Sa aking panaginip, hahablutin mo ang aking siko para matapat ang aking labi sa iyo; hahalikan mo ako na parang wala nang bukas; sasamsamin mo ang aking likido, at ako rin naman sa iyo; hahayaan mong gabayan ng iyong dila ang lahat ng bahagi ng aking bibig, papasok sa aking kaluluwa; kikilalanin mo ako bilang ako, at ako naman, ikaw bilang ikaw – walang labis at walang kulang; maghahalikan tayo hanggang sa mamanas ang ating mga labi.

Sa aking panaginip, gigisingin mo ako isang madaling-araw; hindi ko matiyak ang iyong paanyaya, mapapangiti ako bagamat may bakas ng agam-agam ang iyong maamong mukha; aayain mo akong kumain sa ating paboritong 24-hour restaurant; ikaw ang oorder ng ating paboritong almusal; magkukwento ka ng kung anu-ano, maliban sa talagang dapat pag-usapan; matapos ay aayain mo ako sa Sunken Garden; habang magkatapat na nakahiga sa damo, aantayin natin ang unang sinag ng araw; isang patak ng luha mo, matapos ay ang tiyak na huling pamamaalam.

Sa aking panaginip, maayos, marangal at may pagmamahal ka pa rin sa paggayak at pagbigkas ng katiyakan.

Sa aking panaginip.

Payo ng Mga Ateng

2 Nobyembre 1998, Hardin ng Rosas

Ang Buwan: Kung kailan ka pa tumanda, saka ka pa nalulong sa ganyan. Kami naman ay dumaaan diyan noong twenties pa.

Late-bloomer ako. Fourth-year college na nang malaman kong gusto kong magsulat, 25 na nang malaman kong gusto kong magturo.

Ang Buwan: Maging maligaya ka na lang sa kaya niyang ialok.

Bakit umaasa pa rin ako kahit na tanggap kong wala nang sex?

Ang Buwan: Dahil may gusto ka pa ring mangyari, at iyon ay hindi niya kayang ibigay. Alam mo 'yun. Ayan, na-LSR ka tuloy. Di ba nawindang sa iyo ito noong bata-bata pa kayo? Pero alam niyang nasa kanya ang problema.

Ano ba ang pwede kong gawin, kung gusto kong ipagpatuloy ito?

Si Ligaia: May tatlo kang pwedeng gawin. Una, pwede kang mag-Pygmalion mode. Dalhin mo siya sa iyong mental at physical reality. Pa-enrolin mo sa certificate program sa Malikhaing Pagsulat o Theater Arts.

Interesado siya sa Human Kinetics.

Si Ligaia: Pwede rin yon. Basta, kailangang mahablot mo siya sa iyong realidad. Sabi nga ng isang practitioner nito, “para siyang kumakain

sa aking mga palad.” Ikalawa, pwede kang mag-Jaime Zobel mode. Dalhin mo siya sa realidad na gusto niyang tumungo. Magbakasyon kayo sa Boracay, kumain kayo sa mamahaling restaurant, mag-tripping kayo sa lugar na hindi niya mapupuntahang mag-isa. At ikatlo, mag-Joi Barrios mode ka. Padalhan mo ng home-made oats-raisin cookies, home-made bread; tulaan mo; bilhan mo ng vitamins at anis-anis na kailangan sa kanyang trabaho.

Pero hindi naman ako tweetums.

Ginoong Padded Shoulders: Wala kang aasahan.

Nagkita kami sa labas ng trabaho, kahit madalang.

Ginoong Padded Shoulders: Extension of the workplace lang yon.

Gagawin niya akong ninong.

Ginoong Padded Shoulders: Dahil ikaw ay *good* customer na.

Ang lupit mo.

Ginoong Padded Shoulders: Dahil ako’y tunay mong kaibigan. Bakit ka ba hirap na hirap na makausap siya sa labas ng trabaho? Dahil wala naman kayong mapapag-usapan, wala ka sa mindset niya maliban sa loob ng trabaho. Mainam pa dati, talagang sexual lang ang pagpunta mo sa A. Ngayon, umaasa kang mas malalim ang inyong pinagsasamahan. Lumilikha ka ng fantasyang alam mo naman na hindi darating.

Mr. Tsines Arreneow: Magbate ka na lang, mas maliligayahan ka pa.

Ang Multo

30 Oktubre 1998, A.

Halloween Contest. Hindi kita gustong pansinin. Hindi ka na naman tumawag. Buong araw akong nag-antay, tulad ni Godot, sa wala. Hindi sana ako mapapadpad, kung hindi lang kinondisyon ang kasama ng kaklase sa college. Siya naman ang nag-aya. Ang Consultant ay nasa Zamboanga, namumukadkad sa Queen City of Flowers. Ako naman. Naririto.

Halloween Contest. Sumayaw ang tikbalang, nakabalot ng itim na brief ang kanyang higitang tabako. Lumabas ang mga demonyo, sutlang pula ang mga kapa. At ikaw naman ay nagtulad ng “The Crow.” Pinintahan ng puti ang mukha, itim ang pinid ng mata’t labi, tulad ng harlequin. Nahihya ka, sa di ko mawaring dahilan. Kaya mabilis na umakyat at baba ka ng entablado. Hinampas mo ang dingding sabay sigaw.

Bigla kang tumabi dahil ninais ko, suot-suot pa rin ang make-up at costume. Biglang nagpaliwanag. Biglang nagbago ang ihip ng hangin at ako’y nanatiling nakapinid sa upuan.

Pumunta ako sa bahay ng kapatid ko sa Welcome, pinanood ang pelikula ng figura mo. Isang multong naghihiganti sa di-makatarungang pagkamatay nilang mag-irog. Anino sa dilim.

Sa pagitan ng iyong paghubad ng shorts at sando, at pag-area, pagtayo’t pagbabalik sa upuan; sa pagitan ng aking pag-iwas sa iyong mabigat na pagdantay, paglipat sa katapat na upuan, umalis na ang aking kaklase; sa pagitan ng mga putol-putol na kwentuhan at pag-alaala, ninais kong titigan ka, ang multo sa aking buhay.

Happy Halloween, wika nga ng isa mong kasamahang madalas kong hindi rin pansinin.

Q & A

19 Oktubre 1998, Bahay ng Consultant

Sa di-inaasahang pagsasama-sama natin, kabilang ang iyong mga katrabaho, nagkakwentuhan tayo tungkol sa susunod na Mr. A. contest sa Disyembre. Kapiling natin, ang kasalukuyang Mr. A., nagbibigay ng ginintuang payo. “Kailangang charming ang sagot sa question-and-answer portion.”

“Ano ba ang tinanong sa iyo?” usisa mo.

“Ano, sa tingin mo, ang pinakamagandang bahagi ng iyong katawan, at bakit?”

Kumunot ang iyong noo. Tumingin ka sa akin. “Paano mo sasagutin ito?”

Sumikat na ang araw, hindi pa rin gising ang utak ko dahil hindi pa nga nakakatulog. Itinuro ko ang aking utak. “Hindi, paano mo sasagutin ito para sa akin?”

Nagpatuloy si Mr. A. “Higit sa lahat,” ika niya, “kumuha ng guests na magju-judge.”

Nauna ang Consultant, “ang kilay mo. Dahil maraming napapa-oo.”

Singit ko, “ang ngiti mo. Dahil habang lalong ipinagkakait, lalong pinagnanasaan.”

Kumunot muli ang iyong noo. At, sa isip ko, kahit pa nakatakip ang iyong buhok sa mata, muli kang nagnanak ng tingin sa akin. Tulad din ng madalas kong gawin sa iyo.

Karaoke Lesson 1

10 Oktubre 1998, Bahay ng Payaso sa Bulacan

Minsan ay inihatid ka namin ng Consultant sa inyong bahay sa Bulacan. Inaya mo kaming bumaba muna, akala ko’y magpapa-Coke ka. May kinalikot ka sa TV at maya-maya pa’y tumugtog na ang music mula sa karaoke machine, lumabas ang mga titik sa screen. Para tayong nasa Sesame Street, sinusundan ang mga letra’t salita na nagiging blue sa tamang kumpas ng musika.

May boses ka pala, isip ko sabay alaala sa mga pagsabay mo sa mga kanta sa A. habang tine-table kita. Tila malulusaw ako, maligamgam ang iyong tinig. “Faithfully” na iniisip ko’y inaalay mo para sa akin. Tinitigan kita at para akong may nasilip na bago sa iyo. Marami pa talaga akong hindi alam sa iyo.

Tila malulusaw ako, dahil ganito rin ang libangan ng aking unrequited love sa US. At ganito rin ang pakiramdam ko, dahil alam kong pipilitin mo rin akong kumanta. At kahit sabihin kong wala talaga akong boses, sasabihin mong katuwaan lang naman. Tayu-tayo lang naman. Natitiyak ko, pagkatapos kong kumanta, hindi na muli akong maiimbitahan.

Tumanggi ako nang ilang ulit pero mapilit ka at ang Consultant, na walang takot dahil libangan ang karaoke sa Zamboanga. Tumanggi ako dahil talagang kapag pumayag ako’y tunay na ang pagmamaliit ko

sa aking sarili. Hindi naman ito hahantong sa eksena na mas magiging endearing ako sa iyo, tulad ng pagkanta ni Cameron Diaz sa *My Best Friend's Wedding*.

Dumaan ang apat na oras at ilan pang pagtatangkang malagay sa tono. Matapos ng tatlo kong pagkanta, kahit pa ako gabayan ng Consultant, wala na ngang nagtangkang alukin pa akong muli. Lumabas ako at naupo sa balkonahe, hanggang ngayon ay napakalayo pa rin sa akin ng aking boses. Parati pa rin itong estranghero sa akin, lalo't kapag tinatangka kong kumanta, lalo pa para sa iyo. Pakiramdam ko'y namamatay sa ere na paroparo, gumegewang-gewang na babagsak sa lupa ang nasa loob kong anghel.

Karaoke Lesson 3

2 Nobyembre 1998, Karaoke Cubicle sa Shoemart

“Huwag kang mahiya. Mag-enjoy ka,” payo ni Jovita, ang co-teacher ko na kasama sa isang chorale sa university. Inaya ko siyang magkaraoke at tulungan ang aking boses na magkaroon ng porma. Pumayag naman siya pero hindi pagkatapos tanungin kung bakit. May nakilala kasi ako, sabi ko. Mahilig siyang magkaraoke at nahiihiya naman ako dahil alam mo naman ang kultura ng karaoke, participatory.

“Manggagaling ang power ng boses mo sa tiyan, dibdib at noo,” banggit mo, kasama ng module na inihanda mo para sa akin. “Basta, kanta ka lang nang kanta. Pagkatapos ay rerepasuhin natin ang isang gusto mo.”

“Kailangan talagang ensayado ka. Lahat ng kumakanta sa karaoke, alam na ang kanilang kakantahin. Performance level na lang.”

“Ngayon naman, huwag mo lang basahin ang mga salita. Mag-emote ka, kausapin mo. Teacher tayo, kaya parang nagkukuwento tayo sa harap ng klase. Isipin mong nandiyan siya sa harap mo, paano mo ngayon sasabihin sa kanya ang lyrics?”

Pinakagusto ko itong huli niyang payo, magandang motivation para kumanta ng nakapag-ngunguyngoy na awitin. Sabi pa naman ni Jovita, magsimula ako sa ballads. At lahat ng ballads na alam ko'y tila pinipilas ang aking puso.

Karaoke Lesson 2.5

Oktubre 1998

Madalas mo akong biruin. Ikinuwento mo sa isang kasamahang tineybol ng Consultant ang pagtambay namin sa inyong bahay, ang pag-jamming sa karaoke. Sabi mo’y nahihiya at tumatanggi pa nga ako ng una, pero sumabak na rin. Sabi ko’y wala talaga akong boses, napilitan lang. Pero pinuri mo ako, “Magaling ka ngang kumanta.” Tinama kita, “Wala akong tono.” Lumapit ka sa akin, para kang may ibubulong. Nakangiting inulit mo ang iyong sinabi sabay rolyo ng iyong dila sa isang pisngi. Nahalayan ako. Sabi ko’y “Hindi ka nga tinigasan noong prinayveyt show kita.” At ikaw naman ang nahalayan.

Putting Maskara

21 Oktubre 1998, Pabalik sa University

Sumakay ka ng kotse, hindi pa nagsusuot ng pantaas. Sabi mo’y pinatutuyo mo pa ang puting maskarang nakapinta sa mukha mo. Kanina, pareho kayo ni James Dean na nagkaraoke na nakasuot ng facial mask. Galing ng Japan, maganda ito, sabi mo. At nahibang ako dahil napakanatural ng inyong pagkilos kahit na pintado ang inyong mga mukha.

Para kang si Zorro, ano kayang kabutihan ang idudulot mo ngayong gabi?

Sinundo natin ang Consultant. Pinagyabang ko sa kanya na nagpakadakila ka naman kaninang hapon. Dumantay ang iyong kamay sa aking balikat, ang unang kusang loob mong pagsalat sa akin. Ibang-iba sa ipinayo kong pagdantay ng iyong kamay sa aking hita kapag tine-table kita. Kahit pulpol ang aking boses ay may nasasabi rin palang makakapag-command ng ibang sentido. Buti na lang at kahit pulpol ang aking boses ay matalas naman ang aking sentido ng pagsalat.

Ang Imahen sa Salamin

21 Oktubre 1998, Bahay ng Payaso sa Bulacan

Tapos na ang ikalawang sesyon ng karaoke sa inyong bahay. Pinatay mo na ang TV. Kinuha mo ang barbell na hiniram mo sa Consultant. Wala kang pantaas, nagsimula kang buhatin ito patagilid. Nagtatanong ka sa iyong kuya kung tama ba ang iyong ginagawa. Nanonood din si James Dean na kanina pa paulit-ulit na nagsasabing payat ang kanyang katawan. Nakaharap ka sa salamin, nakatabi ako sa salamin. Salamin, salamin, sino ang pinakamagandang lalake sa balat ng lupa?

Nakikita ko ang iyong katawan, ang kabuuan nito. Nakikita ko ang mga hugis ng iyong kalamnan. Nakikita ko ang seryoso mong mukha, maamo pa rin. Para akong nahiya, napatitig ako sa patay at blangkong screen ng TV.

Sinapian

8 Nobyembre 1998, sa A.

Inaya ko ang Consultant na mag-tequila sa bahay ni Ligaia, bago pumunta sa A. Tamang-tama at dumaaan kami sa groseriya't bumili ng lemon. Sa tea cups kami nagbuhos. Masama pa rin ang loob ko, dahil kagabi lang sa A. ay may tensyon na naganap sa pagitan ko at ni Payaso. Bumuka ang kanyang bibig, ninenerbyos na may ipinapakiusap sa akin. Dalawang beses kong ipinaulit sa kanya, hindi ko siya maintindihan. Pagkatapos ng pangatlong pagpapaliwanag ay tumango ako. Namalayan ko na lang na umupo na siya sa tabi ng isa pang guest. Nagulat ang kasama kong Consultant pati si Taurus, ang mama-san sa A. Pinabalik ni Taurus si Payaso, tinanggihan ko ito nang papaupo na. Inutusan ulit ni Taurus, pero tinanggihan kong muli. Pumasok sa aquarium si Payaso.

Ipinaliwanag ko kanina sa Consultant, nakahanap lang ako ng butas para hindi na maging guest ni Payaso. Wala akong laban—hindi na nga ako umubra bilang kaibigan, hindi rin ako uubra bilang kliyente. Tama si Mr. Padded Shoulders. Hindi ko kayang tapatan ang lahat nang gustong mag-private show kay Payaso. Hindi ako nasaktan, hindi rin ako

galit. Napapagod lang ako, wala akong kalaban-laban. Hindi ko na kayang pasanin ito. Nakakahapo ng damdamin, parati na lang akong waiting for Godot. Hindi ako makatulog nang maayos.

Naintindihan ko siya, hanap-buhay para sa kanyang baby, si M. Pero kailangan kong mag-sungit dahil pilay na pilay na ako sa lahat nang naganap na ito. Bugbog-sarado na ako, hindi ko na makakayanan kung ipagpapatuloy pa.

Nangalahati ang bote, at hindi ito dahil sumasabay sa akin ang Consultant. May tumawag sa akin, ang kaibigan ko sa college na kasama ko sa Halloween Party sa A. Nagsimula na akong masapiang nang kinumusta niya ako.

Kinabukasan, tumawag sa akin ang Consultant. Nanghingi ako sa kanya ng alaala dahil lubos ang pagkakasapi sa akin. Iilan ang natira sa akin—ang madalas kong pagpunta sa banyo kahit hindi ako naihi, ang pagdantay ko sa dingding ng urinal, ang pag-iwas sa akin ng upo ni Taurus, ang pagsabi sa Payaso na “OK lang sa akin,” ang pagsabi sa akin ni Payaso na “malapit ka na palang maging birthday boy.” Naalala ko rin ang pag-aya ng Consultant na umuwi na, dahil ang Playboy ay uumagahin na naman sa kanyang regular na guest. Naalala ko ang sinabi ko na antayin na natin at nang makasabay mag-almusal, pero tumanggi ang consultant. Hindi ko naalala ang pag-uwi, ang pagmaneho sa kotse sa daan papunta sa housing.

Binigyan ako ng Consultant ng alaala. Pagsakay pa lang ng kotse’y umiiyak na ako, na para akong dadalhin sa kinatatakutang doktor. Nabura ang aking make-up at mascara, tukso ng Consultant. Sa A. ay inakala ng lahat na bad trip ako, na totoo naman. Pero inisip daw ng mga tao na nagtsongki ako. Natakot sa akin si Taurus kaya tumabi sa Consultant. Matapos ng isang oras ay ipinatawag ko kay Taurus si Payaso. Gusto ko siyang kausapin nang seryoso pero ang nasabi ko lang ay “OK lang sa akin.” Patulog-gising ako sa aking upuan hanggang sa kuhanin ni Consultant ang bill at mag-ayang umuwi, hanggang sa kuhanin ni Taurus si Payaso para mag-private show. OK lang sa akin, isip-isip ko bago umalis ng A.

Paggising ko’y maaliwalas ang kapaligiran kahit pa may hang-over. Paggising ko’y magaan ang aking pakiramdam kahit walang alaala sa naganap. Sinapiang na ako ng aking sarili.

Bula at Tutubi

10 Nobyembre 1998, Hardin ng Rosas

Noong bata pa ako, madalas maging libangan ang paggawa ng bula. Sa isang tabo, pipitpitin ang buko ng gumamela, lalagyan ng tide at tubig, at hahaluin. Mula sa tingting ng dahon ng buko, gagawa ng panilo. Isasawsaw ang tingting sa tabo, iwawagayway sa ere, at maglilipana at magliliparan ang mga bula. Maliliit, malalaki, magkakasalikop, mag-iisa. Bawat isa’y may balat ng bahaghari, bawat isa’y tumatanaw sa mundong kanilang pinapailanlangan, kahit sandali lamang. Bawat isa’y salamin ng munting mundong nagaganap sa ibaba—mag-isang bata na nakatingala sa mga pumapailanlang na bula. Sa isang iglap, isa-isang maglalaho ang mga bula. May sasayad sa lupa, may matitinik sa bogambilya, may dadantay sa puno’t alambre. At muli’t muling isasawsaw ang tingting sa tabo, iwawagayway sa ere, at maglilipana at magliliparan muli’t muli ang mga bula.

Noong bata pa ako, na hindi ko na nakikita ngayon sa Maynila, madalas maglipana ang mga kawan ng tutubi tuwing tila bago umulan. Papasok ako sa gitna ng kawan, iaangat ang mga kamay, ikakampay. Pero wala ni isa ang dadapo sa akin. Patuloy ang paroon at parito ng mga gintong tutubi, walang kapaguran. Tatangkain kong manghuli ng tutubi. At sa bawat makulong sa aking mga palad, isasawsaw ko ang mga pakpak sa lata ng tubig. Gagapang ang tutubi hanggang sa matuyo ang pakpak, muling sasabay sa kahiluhan ng kawan. Kahit pa tila magulo ang paroon at parito, walang nagkakabanggaan. Tiyak ang direksyon ng bawat isa; gayunpaman, tiyak din ang kaisahan sa loob ng kawan. Hanggang sa ako ang magsawa o tuluyan nang bumuhos ang ulan, saka lamang maglalaho ang mga tutubi. Gumagapang kaya sila sa lupa sa pagkabasa ng kanilang mga pakpak?

Ngayong matanda na ako, wala na ang mga bulang tumatanaw sa akin, lalo pa sa kalungkutan ng pag-iisa. Ako na ang basang-basang tutubing nakasayad sa lupa.

Pilay at Bugbog

10 Nobyembre 1998, Hardin ng Rosas

Minsan ako'y nagising mula sa mga linggo't gabing di magkandaugapay ang aking katawan at kaluluwa sa ritwal ng araw-araw na pamumuhay na magaan-gaan, kahit papaano, ang pakiramdam. Matagal akong nabugbog ng aking sarili at ng imahen ng Payaso. Marami akong nararamdamang pasa sa aking katawan, kulay pula, asul at itim pa nga kahit di ko nakikita. Namamalayan kong naghilihina ako, mabigat ang pakiramdam, hindi makaurong, hindi makasulong. Nararamdaman kong nawawala na ang aking sarili sa bawat paglatay ng di mapapantayang pag-aasam-asam sa isang lubhang napakailap na imahen. Ewan ko kung bakit ko hinahayaang bugbugin ako ng imahen. Ang pagdantay ng kanyang kamay sa balikat? Bakit nagiging sapat na itong una't huling pagsalat sa aking mga pasa?

Para akong gagambang kulang-kulang ang mga paa, o ang mga pilay na namamalimos sa tabi ng simbahan. Hindi ko man lamang maiangat ang aking sarili, hindi ko rin ganap na maigalaw ang aking mga paa't kamay. Tila ako pinapako sa aking pagkapilay. Malapit na akong maging paralisado. Sa ikalawang pagkakataon sa tanang buhay ko, hinahayaan ko ang aking sarili na maging paralisado. Mas malubha ito, dahil sa unang pagkakataon ay may fasinasyon pa sa bagong karanasan ng kawalan ng kontrol sa sarili. Ngayon ay lubhang mabigat ang pasaning iniatang sa akin ng imahen ng Payaso. Ako na lumikha ng imahen ng Payaso ay siya ring lumikha nitong mabigat na pasaning imahen sa sarili. Narito ang kapangyarihan at kawalan ng kapangyarihan. Narito ang kalungkutang nakakapilay para sa hindi tiyak na pagdating ng pangako ng kaligayahan, puro panilip at palimos lamang.

Tila ako ang bolitas sa may ulo ng kanyang titi, hindi naman ako ang hinihimas ay ginawa ko namang misyon na paligayahin siya. Na sa buong katawan niya'y mayroong isang dayong bagay, mula sa labas na hinayaan din niyang makapasok sa kanya.

Karaoke Lesson 4

10 Nobyembre 1998, Family KTV

Gusto ni Playboy ang kulungang ito. Sabi niya, maari kang magwala nang walang pakialam ang mundo. At tulad ng siyam sa sampung Filipino, maganda at hasa ang boses ni Playboy para sa karaoke.

Umorder si Playboy ng Wengweng para sa kanyang sarili, ako'y nag-beer. Pareho kaming pinatikim ni Playboy ng kanyang inumin, "Lasang cough syrup, di ba? Cherry flavored." At naalaala ko ang biro sa kanya sa A. noong nagsisimula pa lamang siya at nalulong sa cough syrup.

Ginamit ko ang natutunan kay Jovita, inisip si Payaso kapag nahuhuli ko na ang aking sarili na binibigkas na lamang ang mga salita. Kay talas ng aking pagsabi ng r at l. Sa kauna-unahang pagkakataon, hindi naging mahalaga si Payaso. Hindi para sa kanya ang kinakanta ko gayong, sa aking sarili pa marahil. Nakikita ko ang aking sarili na nag-a-alay ng kanta sa kanya, kabahagi na ako ng imahen ni Payaso.

May quorum na naman. Tatlo kami. Bagamat nagtangka ang Consultant na magsama pa ng dalawa, ang Payaso at si Minotaur, na sa huling sandali ng tagpuan ay hindi nagpakita. Pumasok ang dalawa sa A. habang nagtagpo ang Consultant at Playboy sa Jollibee Philcoa. Si Payaso pa naman ang nangumbinsi kay Playboy na sumama at sorpresahin ako sa bisperas ng aking birthday.

Unang Panaginip

9 Nobyembre 1998, Hardin ng Rosas

Sa kauna-unahang pagkakataon ay napanaginipan kita. Tila nasa loob tayo ng isang pelikula ni Fellini, magulo at sobra ang lahat. Hindi ikaw ang unang imahen sa aking panaginip. May shooting ng pelikula, si Gardo Verzosa'y nakahubad, nakabraid ang kanyang bulbol, parang gothikong mukha ng demonyo. Gayon din ang kanyang costume, may pulang sungay at kapa. Tulad ng mga nagsayaw sa A. noong Halloween. Mula sa bukana ng isang bahay ay pumasok sila, gayon din ako. Umupo ako sa bilog na mesa, tulad ng mesa ni Ligaia sa kanyang bahay sa Hardin ng Rosas, kasama

ang kapatid mo, si X-Man. Kinakausap niya ako, hindi ko naiintindihan ang kanyang sinasabi. Bigla kang pumasok, susuray-suray, parang lasing. Suot mo ang iyong itim na skimpy at silk dancing costume, yung mesh ang likuran at nakikita ang mapuputing pisngi at hiwa ng puwet mo. Bigla kang umupo sa tabi ko, kukurap-kurap na humarap mula sa pagkatungo. Bagsak ang buhok mo sa harapan. Pero sa kauna-unahang pagkakataon ay nakita ko ang imahen na nilikha ko – ikaw na may pinakamaamong mga mata’t labi, ikaw na may pinakamagandang mukha, para sa akin. Ganito pala kita nilikha, ganito kita aalaahanin sa tago kong alaala, sa pagitan ng pag-aalumpihit sa pagkakatulog at pagkakagising.

Payo ng Isa Pang Ateng

15 Nobyembre 1998, e-mail

Georgie Girl: if the man is a jerk and doesn't share your feelings, shit, drop the fucker. you may not believe this but you are NOT small potatoes. you're handsome (well, when you dress up; not the tibak look you sometimes revert, too.), smart and successful in your academic career. don't settle for anything less. it isn't love when there is no respect, no affection. end of sermon.

Payo ni Ateng

17 Nobyembre 1998, Chocolate Kiss

Matapos ang talakayan hinggil sa iyong planong gawing disertasyon tungkol sa improbisasyon sa kasaysayang pan-teatro, partikular sa panahon ng seditious plays ng 1900s at ng protestang dulaan noong martial law...

Ateng: Humanda kang magsugal, manalo't matalo.

Ang suyuan at pag-iibigan ay power play, isang laro na kailangang kalkulado mo ang iyong sarili, kontrolado mo ang laro, pati na ang iyong pinipintuho.

Kung ano lang ang kaya, maging masaya ka na doon. Dahil kung hindi, talunan ka na.

Paano?

Parang isang binibitag na ibon. Akala ng ibon ay siya ang nakatuklas ng mga nakahilerang butong iyong inilagay sa kanyang direksyon, hindi niya namamalayan kung saan ito patungo. Tanging ikaw lamang.

Kung бага, sinusuyo ka sa paraang gusto mong suyuin ka na tila siya ang sumusuyo, pero hindi.

Gusto ko pang magsugal.

Maging generous ka sa sarili mo. Huwag kang tuluyang palusaw sa kanya. Ipasok mo ang sarili mong pinanggagalingan sa inyong talakayan. Huwag lamang kung ano ang gusto niya. Isama mo ang sarili mo sa larawang ninanasaan.

Bigyan mo ng motivation kung bakit gagawin niya ang mga bagay na gusto mo. Lagyan mo ng surprises. Alukin mong ipapakita sa kanya ang iyong koleksyon pagbisita niya sa bahay mo. Ano ba ang hilig niya?

(Patlang.) Hindi ko alam. (Matatawa.)

Pinakamadali ang hiwalayan siya. Mababaliw ka lang ng dalawang linggo, isang buwan, tapos na.

Suyuin mo, i-explore mo kung saan ka dadalhin nitong relasyon.

Magpasuyo ka rin. Windangin mo rin. Laging walang katiyakan sa kanya. Panghawakan mo ang mga alas mo.

Kahit kayo na, kung sakali man, magligawan pa rin kayo. Ipagtapat mo sa kanya ang iyong fasinasyon sa ibang tao para on-his-toes din siya. Kapag siya naman ang magsasabi ng ganito, ipamukha mo sa kanya ang mawawala sa kanya kung sakali.

Kung sakali.

Kahit pa siya ay may ka-live-in. Huwag mong isarado ang posibilidad. Huwag mong tanggalin ang sex sa larawan. Bakit ka pa naglalaro?

Kwento kay Ateng

17 Nobyembre 1998, Chocolate Kiss

Gusto ko lamang, pagkatapos ng lahat ng ito, na masabi niya sa akin na naging mahalagang tao ako sa buhay niya. Kahit sa isang panahon lang.

Kaya gusto ko pang magsugal. Handa akong lumubog pa para sa pangako ng pagdating ng isang panahon ng katubusan.

At handa ka rin dapat tumigil kapag alam mong patalunan ka pa lamang.

Pagninilaynilay, Habang Nagsusungit
13 Nobyembre 1998, A.

Sa pagteybol ng Consultant sa Payaso, sa panahong hindi ako handang makipag-interaksyon sa kanya, pagninilay-nilay habang nagsusungit.

Pulang ilaw. Patay-bukas ang pulang ilaw sa bawat nagsasayaw sa entablado. Gaya ng mga isdang iniilawan ng pulang bumbilya sa palengke, nagmumukhang sariwa—hindi bilasa—ang mga mukha't katawan ng mga lalake sa entablado. Pati ang kanilang sayaw, kahit paulit-ulit na naming nakita, ay pamaya't maya'y nagmumukhang bago. Patay-bukas ang pulang ilaw, inihahanda ang pipiliing karne.

Pulang ilaw. Patay-bukas ang pulang ilaw sa labas ng private rooms. Tila magpapasko ang kapaligiran, kapag nagsabay-sabay. Nagkakandarapa ang mga mama-san sa pag-ilaw sa pulang ilaw, pagkatapos, sa mukha ng mga waiter. Nagkakandarapa ang mga waiter sa pag-alam kung bakit. Tila boses ng diyos, hindi maitatatwa. Sa ayaw at gusto, napapasunod ang mga pagod, maysakit at masama ang pakiramdam. Sa ngalan ng kataas-taasan at kagalang-galangang pulang ilaw, sa ngalan ng kita.

The Contributors

Si **Mayette Bayuga** ay may dalawang koleksiyon ng maikling kuwento, *Babae, Sa Balumbalonan ni Hakob at iba pang kuwento* (UST Publishing House, 2015) at *Virgintarian at iba pang akda* (UP Press, 2002). Ang kaniyang nobelang *Sa Amin, sa Dagat-dagatang Apoy* (UP Press, 2015) ay nagwagi ng Writer's Prize noong 2009 mula sa National Commission for Culture and the Arts at ng Gintong Aklat Award for Literature in Filipino noong 2016. Dalawa sa kaniyang mga kuwento ang nanalo sa Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature ("Rosali," 1st Prize 1993 at "Ang Baliw," 2nd Prize 1997). Ilan sa kaniyang mga kuwento ang naisama sa iba't ibang antolohiya. Inilathala ng *Tapat* journal noong 2011 ang kaniyang mga nobeletang erotikang *Sa Templo ni Tamilah* at *Halinghing sa Hatinggabi*. Taong 1994 nang isulat niya ang isang koleksiyon ng sanaysay sa Tagalog, ang "Babalyan Man, Babae Rin," sa tulong ng Literature Grant mula sa Cultural Center of the Philippines. Mula noon ay naging salalayan ng kaniyang panulat ang katuturan ng pagiging babalyan/babaylan.

Cecilia Manguerra Brainard is the award-winning Filipino-American author of nine books, including the internationally-acclaimed novel, *When the Rainbow Goddess Wept, Magdalena, Vigan and Other Stories, Acapulco at Sunset and Other Stories, Philippine Woman in America, Woman with Horns and Other Stories*, and *Cecilia's Diary 1962-1968*. She has also edited four books and co-authored a novel with four other women titled, *Angelica's Daughters, a Dugtungan Novel*. Brainard has received numerous awards and fellowships, both national and international. Her new novel *The Newspaper Widow* and the Philippine edition of *Magdalena* are both published by the UST Publishing House.

Si **Kristian Sendon Cordero** ay makata, tagasalin, kuwentista at direktor pampelikula. Nakapaglimbag na siya ng limang koleksiyon ng mga tula sa Rinconada, Bikol, at Filipino. Ang huling dalawang libro niya na *Canticos; Apat Na Boses* (UST Publishing House, 2013) at *Labi* (Ateneo de Manila University Press, 2013) ay parehong nagwagi ng National Book Awards

para sa tula sa Bikol at Filipino. Ang kaniyang salin ng piling tula ni Jorge Luis Borges, *An Mapara sa Kinaban/Ang Maglaho Sa Mundo* (Ateneo de Naga University Press, 2016) na nalathala sa tulong ng Programa Sur ng Republika ng Argentina ay nagwagi ng 2016 Gintong Aklat Awards. Bukod dito, makailang beses nang kinilala ang kaniyang mga tula, maikling kuwento at sanaysay sa taunang Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature. Nagwagi rin siya ng Madrigal-Gonzales Best First Book Award noong 2006, NCCA Writer's Prize noong 2007, at ng Maningning Miclat Poetry Prize sa Filipino noong 2009.

Jose Dalisay Jr. has published more than thirty books of fiction and nonfiction; his second novel, *Soledad's Sister*, was shortlisted for the inaugural Man Asian Literary Prize in 2007. Dalisay is a professor of English and Creative Writing at the University of the Philippines, where he has also chaired the English department and served as director of the UP Institute of Creative Writing. He now serves as Vice President for Public Affairs. He has held Fulbright, Rockefeller, Hawthornden, David TK Wong, and Civitella Ranieri fellowships. He has a BA (English, *cum laude*) from the University of the Philippines, an MFA (Creative Writing) from the University of Michigan and a PhD (English) from the University of Wisconsin-Milwaukee.

Si **Eugene Evasco** ay may-akda ng mahigit tatlung aklat pambata na inilathala ng Adarna House, Lampara Books, at Vibal. Napabilang siya sa Palanca Hall of Fame noong 2009 at sampung ulit siyang ginawaran ng prestihiyosong pagkilala ng Palanca para sa tula, tulang pambata, maikling kathang pambata, at sanaysay. Naging Makata ng Taon siya noong 2000 para sa tulang "Kilometro Zero" sa taguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino. Ang aklat niyang *Federico* ay premyado ng PBBY-Salanga Writer's Prize. Kinilala rin ang kaniyang koleksiyon ng mga sanaysay sa 2004 Writer's Prize ng National Commission for the Culture and the Arts. Siya rin ang pangulo ng Pilandokan: National Research Society for Children's Literature.

J. Neil C. Garcia is presently the Director of the UP Press. He is also currently teaching Creative Writing and Comparative Literature at UP Diliman, where he also serves as an associate for poetry in the Institute of Creative Writing. He is the author of numerous poetry collections and works in literary and cultural criticism, including *Our Lady of the Carnival* (1996), *The Sorrows of Water* (2000), *Kaluluwa* (2001), *Philippine Gay Culture: The Last Thirty Years* (1996), *Slip/pages: Essays in Philippine Gay Criticism* (1998), *Performing the Self: Occasional Prose* (2003), *The Garden of Wordlessness* (2005), and *Misterios and Other Poems* (2005). His critical work, *Postcolonialism and Filipino Poetics: Essays and Critiques*, is a revised version of his PhD dissertation in English Studies: Creative Writing, which he completed in 2003.

Si **Rhea B. Gulin** ay nagtapos ng Bachelor of Arts/Bachelor of Secondary Education Major in Literature sa Pamantasang Normal ng Pilipinas, Manila, at kasalukuyang nag-aaral ng MA Filipino: Malikhaing Pagsulat sa UP Diliman. Siya ay naging fellow para sa Sanaysay sa 2015 Ateneo National Writers Workshop at 2016 UST National Writers Workshop. Kasalukuyan siyang miyembro ng Kataga-Manila at nagtuturo sa Bulacan State University, Sarmiento Campus.

Cristina Pantoja Hidalgo has a PhD in Comparative Literature from UP Diliman, an MA in English Literature *meritissimus* and a PhB *magna cum laude* from UST. She has published more than forty books, and won several national awards, including the Carlos Palanca Grand Prize for the Novel and the Gawad Balagtas from the Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas (UMPIL). She served as director of the UST Publishing House and is currently director of the UST Center for Creative Writing and Literary Studies. She is also Professor Emeritus of the University of the Philippines, where she also served as UP Press Director, UP Creative Writing Center Director, and Vice President for Public Affairs of the UP System.

Robin Hemley graduated from Indiana University in Comparative Literature in 1980 and from the University of Iowa with an MFA in Fiction in 1982. He has received a Guggenheim Fellowship as well as fellowships from the Illinois Arts Council, the North Carolina Arts Council, the

Ohioana Library Association, and the Washington State Arts Council. He has had artist residencies at the MacDowell Colony, the Fine Arts Work Center in Provincetown, Ragdale, and the Edward Albee Foundation. In 2004, he began teaching at the University of Iowa where he was hired as the Director of the Nonfiction Writing Program, and since 2000 he has taught in various schools and universities like Vermont College, University of Utah, Western Washington University, St. Lawrence University, University of North Carolina, and National University of Singapore. He is the author of several books including *Invented Eden: The Elusive, Disputed History of the Tasaday*.

Si Ferdinand Pisigan Jarin ay isang manunulat, musikero, at guro. Dati siyang Literary Editor ng *The Torch Publication* at *Aklas Literary Folio* ng Philippine Normal University. Tatlong ulit na siyang nagawaran ng Don Carlos Palanca Memorial Award for Literature para sa Dulang may Isang Yugto (“Sardinas,” 2001), Sanaysay (“D’Pol Pisigan Band,” 2010 at “Anim na Sabado ng Beyblade,” 2005). Ang kanyang aklat na *Anim na Sabado ng Beyblade at Iba pang Sanaysay* ay hinirang na National Book Award para sa Sanaysay noong 2014 at finalist sa Madrigal-Gonzales First Book Award. Sa kasalukuyan, siya ay nagtuturo sa UP Diliman.

Susan S. Lara is a writer and an alumna of the UP Diliman College of Arts and Letters. She won a Palanca Award First Prize for Short Story in 1984 for her story, “The Reprieve.” She won the National Book Awards for Fiction in 1998 for the collection *Letting Go and Other Stories*. She consecrates her summers to the Silliman National Writers’ Workshop where she became its director. She also attended the International Writing Program of the University of Iowa.

Ned Parfan has a BA Journalism from UST and received an Outstanding Thesis Award in MFA Creative Writing from DLSU. He is currently taking up PhD in Creative Writing at UP Diliman. He teaches at UST and is a Resident Fellow of the UST Center for Creative Writing and Literary Studies. He is the author of *The Murmur Asylum* (UP Press, 2014) and *Tilt Me and I Bend* (UP Press, forthcoming).

Si **Allan Popa** ay kasalukuyang nagtuturo ng Philippine Literature at Creative Writing sa Ateneo de Manila University at direktor ng Ateneo Institute of Literary Arts and Practices (AILAP). Siya ay awtor ng siyam na koleksiyon ng mga tula, kabilang ang *Incision* na inilimbag ng UST Publishing House noong 2016. Tumanggap siya ng mga parangal sa *Philippines Free Press Literary Award* at sa Manila Critics Circle National Book Award. Nagtapos siya ng MFA in Writing (Poetry) sa Washington University sa St. Louis at nakakuha din siya ng fellowship sa New York State Writers Institute sa Skidmore College.

Si **Mark Anthony S. Salvador** ay nagtapos ng Batsilyer ng Artes sa Filipinolohiya sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Kasalukuyan niyang tinatapos ang Malikhaing Pagsulat sa UP Diliman. Naging contributor/writer siya sa *Liwayway* at *Asuang Paper Monster Press*. Kasapi siya ng Kilometer 64 Writer's Collective, samahan ng mga progresibong manunulat. Nakapagturo na siya sa FEU Intitute of Technology, Pamantasan ng Lungsod ng Maynila at Adamson University. Kasalukuyan siyang nagtuturo sa UST Senior High School.

Larissa Mae Suarez teaches at the College of Arts and Letters, UP Diliman, where she is currently pursuing a master's degree in creative writing. She took up the same field at the Philippine High School for the Arts, where her fiction was accepted for the Silliman Writers Workshop. As an undergraduate in UP Diliman, she studied BA Journalism, and became the editor-in-chief of the *Philippine Collegian* in 2008. Her work has been published in various magazines and newspapers, and she received a Palanca award for Short Story in English in 2016. The essay included in this journal is her first published creative nonfiction piece.

Si **Rolando B. Tolentino** ay fakulti ng UP Film Institute at dating dekanong UP College of Mass Communication. Siya ay nakapagturo na rin sa Osaka University, National University of Singapore, at University of California Berkeley. Ang kanyang interes sa pananaliksik ay panitikan, kulturang popular, araling pelikula, at media sa Filipinas, at kung paano nagkakasalikop ang mga isyung nasyonal at transnasyonal. Siya ay Direktor ng UP Institute of Creative Writing, kasapi ng AlterMidya (People's

Alternative Media Network), Congress of Teachers and Educators for Nationalism and Democracy (Contend-UP), at Manunuri ng Pelikulang Pilipino.

Sooy Valencia graduated with a BA in Literature from the UST Faculty of Arts and Letters. As an undergraduate, she was a member of the Thomasian Writers Guild and served as the Literary Editor of *The Flame*, the college newsletter of the UST Faculty of Arts and Letters. She was a writing fellow for Creative Nonfiction at the 51st Siliman National Writers Workshop in 2012. She recently finished her MA in Creative Writing at the UST Graduate School, and is teaching at UST Senior High School.

Alfred A. Yuson, a.k.a. Krip, writes a weekly Arts and Culture column for *The Philippine Star*, a monthly column for *Ilustrado* magazine, and occasional essays for GMA News.TV online as well as a host of other publications. He has authored six poetry collections, three novels, and over a dozen other books of short fiction, essays, children's stories, and biographies, apart from having edited many other titles, including literary anthologies as well as travel and corporate coffee-table books. Distinctions include entry into the Hall of Fame of the Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, the SEAWrite Award, the Patnubay ng Sining at Kalinangan Award from the City of Manila, and the Gawad Pambansang Alagad ni Balagtas from UMPIL or Writers Union of the Philippines for lifetime achievement.

The Editors

Associate Professor John Jack G. Wigley, Ph.D. is the author of four books: *Lait (pa more) Chronicles* (Visprint Publishing, 2017), *Lait Chronicles* (Visprint Publishing, 2016), *Home of the Ashfall* (UST Publishing House, 2014) and *Falling into the Manhole* (UST Publishing House, 2012), winner of the Best Book (Gawad San Alberto Magno) in the 15th *Dangal ng UST* and a finalist in the 13th Madrigal-Gonzalez Best First Book Award. He has also co-authored a number of textbooks on literature and creative writing. Presently, he is the Director of the UST Publishing House, a literature professor at the Faculty of Arts and Letters, and a resident fellow of the Center for Creative Writing and Literary Studies. He finished the following degrees: AB English (Holy Angel University, 1989), MA Literature (UST, 2004) and PhD Literature *Cum Laude* (UST, 2012). He was a panelist of the 2013 and 2014 Silliman National Writers and the annual UST National Writing workshops and a fellow of the 2013 UP National Writers Workshop. He was a judge of the Ustetika Awards (UST literary contest) in fiction and essay categories and has received twenty (20) *Most Outstanding Teacher Awards in the Basic Sciences* in Physical Therapy, Occupational Therapy, and Speech Language Pathology of the UST College of Rehabilitation Sciences.

Assistant Professor Dawn Marie Nicole L. Marfil is the author of *Looking for Polaris*, a memoir. She graduated cum laude from University of Santo Tomas with a Bachelor of Arts degree in Literature. She earned her Master of Arts degree in Creative Writing from the University of the Philippines, Diliman. She is currently working on her PhD in the same university. She was a fellow at the 3rd J. Elizalde Navarro National Workshop for Arts Criticism, 2011 and at the UST Creative Writing Workshop, 2012. She teaches Literature and Humanities subjects at the University of Santo Tomas and is a resident fellow of the UST Center for Creative Writing and Literary Studies.

